Language L.03

# Filipino

مـركـز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

Version Date: 2025




Part of the

ISLAMIC e-LIBRARY

Learn more about Islam with our informative and educational materials, translated to over 50+ languages

@islamicicdxb

## CONTENTS


Tungkol sa ISLAM – Isang Maikling Pambungad
Si Propeta MUHAMMAD – Kailangan mong makilala ang taong ito!
SI HESUS – Isang Propeta ng Diyos
Ang Pananaw ng Islam sa Diyos – Walang Sinuman ang Kaysa Lumikha
Ang Qur'an – Ang Huling Kapahayagan Para sa Sangkatauhan
Ano ang Layunin ng Buhay?
Mga Maling Pang-uunawa Tungkol sa ISLAM
Ang mga Karapatan ng Kababaihan sa Islam
Ang Agham sa ISLAM
ang hijab – Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan
Ang Kamatayan at ang Kabilang Buhay sa Islam


# TUNGKOL SA
# ISLAM

## ISANG MAIKLING PAMBUNGAD

**FILIPINO** **(01/11)** **نبذة عن الإسلام** **FREE COPY**


جمعية دار البر
Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات
THE EMIRATES

*Your Path To Peace..*

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

تصريح رقم:
(2017/139)

دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department

www.islamicic.com

# CONTENTS






Ang Islam ay isang likas at kumpletong pamamaraan ng pamumuhay. Ito ay naghihikayat sa tao na bigyan niya ng sapat na pansin o atensiyon ang kanyang ugnayan sa kanyang Tagapaglikha. Matatagpuan lamang ng tao ang tunay na walang hanggang kaligayahan sa pamamagitan ng pagiging malapit niya sa Diyos.

Humigit-kumulang sa ikalimang bahagi (1/5) ng populasyon ng mundo ay Muslim. Ang Islam ay isa sa pinakamalaking relihiyon. Ang paniniwala at pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos (Allah) ay ang layunin sa buhay at pundasyon sa Islam.

*Ang Islam ay hindi katulad ng ibang pananampalataya na hinango mula sa pangalan ng tao o tribu.*

Ang literal na kahulugan ng Arabik na salitang "Islam" ay ang "pagsuko" sa Nag-iisang Tunay na Diyos (Allah) lamang. Ang sinuman na kusang sumuko sa kalooban ng Diyos ay matatawag na Muslim, ano man ang kanyang lahi o tribo.

# Ang Anim (6) na Aspeto (Haligi) ng Paniniwala

Ang salitang Allah, ay ang personal na Pangalan ng Tunay at Nag-iisang Diyos.

## 1. Paniniwala kay **Allah**

Ang "Allah" ay ang natatanging pangalan ng Nag-iisang Tunay na Diyos, na Siyang karapat-dapat sambahin, ng walang katambal at katulad. Si Allah ay hindi katulad ng Kanyang nilikha, sapagkat walang sinuman o anuman ang kahati Niya sa Kanyang Pangalan at katangian, kabilang dito: Ang Tagapaglikha, Ang Tagapagtustos, Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamakapangyarihan, Ang Pinakamakatarungan, Ang Pinakamarunong at Ang Higit na Nakakaalam.

Siya (Allah) Ang Tagapaglikha, Ang Tagapagtustos ng lahat, Ang Nag-iisang nagbibigay sa atin ng hindi mabilang na biyaya, tulad ng pandinig, paningin at isip, at ganoon din naman ang kakayahang maglakad, magsalita at maging makabuluhan. Kaya, nararapat para sa atin ang kilalanin, pasalamatan at sambahin lamang Siya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya.

Kaya makatuwiran lamang na sabihin na ang kaayusan ng daigdig, na ang lahat ay nasa tamang sukat, ay hindi mangyayari maliban na mayroong isang makapangyarihan at matalinong tagapagpanatili nito. Hindi kapani-paniwala na ang daigdig mismo ang lumikha sa kanyang sarili, o bunga lamang ng isang pagkakataon.

## 2. Paniniwala sa mga **Anghel**

Ang mga anghel ay nilikha mula sa liwanag, na may nakalaan na tungkulin, hindi sila sumusuway sa utos ng Diyos, tulad ni Anghel Gabriel, na naghatid ng mensahe sa mga Propeta at ang Anghel ng Kamatayan, na kumukuha ng kaluluwa ng tao.

CONTENTS






## 3. Paniniwala sa mga **Ipinahayag na Aklat**

Si Allah ay nagpadala ng mga Kapahayagan sa Kanyang mga Sugo bilang patnubay sa sangkatauhan. Ito ay binubuo ng Torah na ipinahayag kay Moises, ang Injeel (Ebanghelyo) kay Hesus na anak ni Maria at ang Banal na Qur'an kay Propeta Muhammad (sumakanila nawa ang pagpapala at kapayapaan ni Allah).

Ang Qur'an ay tuwirang salita ng Diyos (Allah) at ang pinakahuling kapahayagan para sa sangkatauhan. Maraming mga malinaw na palatandaan at himala na nagpapatunay na ito ay nagmula sa Diyos (Allah):

- Naglalaman ng payak, dalisay at pangkalahatang mensahe na angkop sa paniniwala ng tao tungkol sa Diyos.
- Naglalaman ng kakaibang istilo ng pananalita, pinakamahusay at pinakamainam na wikang Arabik, na ipinahayag kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan), na hindi nakapag-aral.
- Naglalaman ng napakaraming maka-agham na katibayan na kamakailan lamang natuklasan.
- Ang bawat salita ng Qur'an ay nanatili sa wikang Arabik, mula pa nang ito ay ipinahayag, hindi katulad ng ibang mga kasulatan na mayroong pagbabago.

*Isa pa sa mga himala ng Qur'an, na ito ay walang kamalian o pagkakasalungatan.*

Ang pinakatumpak na paliwanag tungkol sa napakaraming mahimalang katangian ng Qur'an, na ito ay walang pag-aalinlangan na nagmula sa Diyos (Allah). Kasama ng mga tunay na kasabihan at gawain ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan), ito ang pangunahing pinagkukunan ng kaalaman sa Islam.


## 4. Paniniwala sa mga **Propeta**

Ang mga Muslim ay naniniwala na libu-libong propeta ang ipinadala ni Allah, na ang bawat pamayanan ay mayroong isang propeta, upang ihatid ang rebelasyon ng Diyos. Ang mga propetang ito ay kinabibilangan nina Adam, Noah, David, Joseph, Moises, Hesus at Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan). Ang kanilang misyon ay upang ibalik ang mga tao sa pagsamba sa nag-iisang Tunay na Diyos, maging huwaran sa pagsunod sa Diyos, maging gabay ng tao tungo sa kaligtasan. Sila ay hindi dapat sambahin o gawing tagapamagitan ng tao sa Diyos. Anumang uri ng panalangin o pagsamba sa mga Propeta o pagtalaga sa kanila bilang tagapamagitan sa Diyos ay mahigpit na ipinagbabawal at itinuturing na paglabag sa karapatan ng Diyos.

### - Si Propeta **Hesus**


Ang mga Muslim ay naniniwala na si Hesus ay isang marangal na propeta ng Diyos, ipinanganak na mahimala ni Birheng Maria. Siya ay gumawa


# CONTENTS































ng mga himala sa kapahintulutan ng Diyos, katulad ng pagpapagaling ng maysakit, pagbibigay paningin sa mga bulag at pagsasalita niya habang sanggol pa lamang siya para ipagtanggol ang kanyang ina. Bagamat iginagalang at minamahal ng mga Muslim si Hesus, hindi siya sinasamba. Hindi siya maituturing na anak ng Diyos, o kabahagi ng Trinidad, o kabahagi sa anumang perpektong katangian ng Diyos.

*"Hindi nararapat kay Allah na magkaroon ng anak; Kataas-taasan sa Kanya! Kapag Siya ay magtakda ng isang bagay ay sasabihin lamang Niya na; 'Mangyari' at mangyayari." Qur'an 19:35*

## - Si Propeta **Muhammad**

Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay ang huling propeta na ipinadala sa sangkatauhan. Siya ay dumating na may dalang Qur'an upang ipakilala kung paano isakatuparan ang mga katuruan nito, siya ay may huwarang pag-uugali na dapat sundin ng mga tao. Hindi sinasamba ng mga Muslim si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan.

## 5. Paniniwala sa **Araw ng Paghuhukom**

Ang Araw ng Paghuhukom ay ang tagpo na kung saan ang bawat tao ay tatayo sa harapan ng Tagapaglikha at tatanungin tungkol sa kanilang mga ginawa. Ang mga gawain ay ipapakita ng may malinaw na detalye, at lahat ay huhusgahan ng naaayon sa kanilang nagawa.

Si Allah, Ang Higit na Makatarungan, ay hahatulan ang lahat na walang kinikilingan at walang sinuman ang maaapi. Ang lahat ay hahatulan ng makatuwiran, sa pamamagitan ng pagpasok sa Paraiso bilang gantimpala o Impiyerno bilang kaparusahan.

*Kapag walang Araw ng Paghuhukom, ang buhay ay lubhang hindi-makatarungan, hindi lahat ng tao ay makakamtan niya ang kanyang karapatan.*

## 6. Paniniwala sa **Tadhana**

Si Allah ang Nakakaalam ng lahat, ang nakaraan, ang kasalukuyan, at sa ano pa mang mangyayari sa hinaharap. Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay- na walang mangyayari maliban sa Kanyang Kaalaman at Kapahintulutan.

Ang lahat ng tao ay binigyan ng kalayaang pumili ng tama at mali at mananagot ayon dito. Hindi kabilang dito ang may kapansanan sa pag-iisip.

Ang kalayaang pumili ay hindi salungat sa katotohanan na ang mga kaganapan ay nangyayari sa kaalaman at kapahintulutan ng Diyos. Hindi rin nangangahulugan na ang kapangyarihan ng Diyos ay nagbabawal sa kakayahan ng tao na malayang pumili. Ang kaalaman ng Diyos sa pasiya ng tao ay hindi nangangahulugan na siya ay pinipilit na gawin ito, hindi nangangahulugan na nalulugod ang Diyos sa lahat ng Kaniyang pinahintulutan.

CONTENTS




# Ang Limang Haligi ng Pagsamba

Ang Pundasyon ng Buhay ng isang Muslim

## 1. Ang Pagpapahayag ng Pananampalataya

Ang pagpapahayag ng pananampalataya ay ang pagsaksi na walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah at si Muhammad ay Kanyang Sugo. Kailangan itong sabihin ng taos-puso at may matatag na paniniwala dito, na sinusundan ng gawa. Sa pagpapahayag na ito, ay tinatanggihan ng tao ang mga diyus-diyosan, at inihahayag na si Allah lamang ang Nag-iisang karapat-dapat na sambahin at tinatanggap niya si Muhammad na huling Sugo, kung kaya't siya ay nagiging Muslim.

## 2. Ang Limang Beses na Dasal sa Araw-araw

*Ang limang dasal sa bawat araw ay isinasagawa sa umaga bago sumikat ang araw, sa tanghali, hapon, paglubog ng araw at sa gabi.*

Ang dasal ay nagsisilbing ugnayan ng Muslim at ng kanyang Tagapaglikha, at ito rin ang palagian at praktikal na tagapagpaalala sa tao tungkol sa tungkulin niya sa kanyang Diyos (Allah). Ang bawat dasal ay ilang saglit lamang, binubuo ito ng pagbabasa ng Qur'an, panalangin, pagbibigay puri kay Allah, at iba't-ibang kilos ng katawan. Bilang paghahanda sa pagdarasal, ang Muslim ay naghuhugas muna ng partikular na bahagi ng katawan, katulad ng mukha at mga kamay.

## 3. Ang Taunang Kawang-Gawa

Ang taunang kawanggawa ay obligasyon ng bawat Muslim, (mayroong kayamanan na sobra sa halagang inaatang ng Islam para ito ay ibigay). Ang maliit na bahagi na 2.5% ng taunang kayamanan ng isang tao ay ipinamamahagi sa mga yaong nararapat bigyan, katulad ng mga mahihirap at nangangailangan. Naglilinis ito sa kayamanan ng sinuman at nagdadala ng maraming kabutihan. Inaalis ang agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap, na ang lahat ay mayroong sapat na gastusin para mabuhay.

## 4. Ang Taunang Pag-aayuno

Tuwing buwan ng Ramadan ang mga Muslim ay nag-aayuno mula bago sumikat ang araw hanggang sa paglubog nito, sila ay umiiwas sa pagkain, inumin at pakikipagtalik sa asawa. Ito ay nagsisilbing paglilinis espiritwal, nagpapayabong ng pagtitiis at pagpipigil, at nagbibigay ng benepisyo sa kalusugan.

*Ang Ramadhan ay ang ika-siyam na buwan sa kalendaryong Islamiko.*

CONTENTS






## 5. Ang **Paglalakbay**

*Ang lahat ng naglalakbay (hajji) ay nakasuot ng simple at magkatulad na kasuotan, na siyang nag-aalis ng pagkakaiba sa uri, kalagayan at kultura, upang ang lahat ay pantay sa harapan ng Diyos.*

Ang paglalakbay (Hajj) sa Makkah sa Saudi Arabia, ay kailangang gampanan ng isang tao kahit isang beses lamang sa buong buhay niya kung siya ay may kakayahan sa pangangatawan at pananalapi. Ito ay nangyayari sa ika 12 buwan ng kalendaryong Islamiko, pinagbubuklod ang mga tao mula sa iba't ibang kulay, lahi, estado at gulang, habang sama-sama silang sumasamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos. Ang paglalakbay na ito ay binubuo ng maraming gawain, tulad ng pagsasakripisyo, paglalakbay at pagdarasal sa mga nakatalagang lugar, dahilan para maging higit silang maging matiisin at mapagpasalamat.

# Ang **Konsepto** ng Pagsamba

Anumang Gawain na kinalulugdan ni Allah

Ang Konsepto ng Pagsamba ay hindi limitado lamang sa nabanggit na limang haligi. Ang pagsamba ay ang pangkalahatang katawagan sa mga gawaing kalugud-lugod kay Allah. Bawat araw na gawain ay maaring maging gawaing pagsamba sa pamamagitan ng pagkaroon ng dalisay na intensiyon at ito ay alinsunod sa pamantayan ng Diyos. Halimbawa nito ay ang pagngiti, pagiging mabuti sa kapitbahay, pagtulong sa pamilya, pagiging matapat at pag-alis ng maruming bagay sa daanan. Dapat nating malaman na si Allah ay walang pangangailangan mula sa pagsamba ninuman sa Kanya, subalit, tayo ang may pangangailangan sa Kanya at ito ay para sa ating sariling kapakanan.

# Pangwakas

Ang mga nabanggit na aspeto ng pananampalataya at gawaing pagsamba ang siyang bumubuo ng diwa ng Islam. Kapag isinagawa, natutupad ng Islam ang espiritwal, pisikal, kaisipan at sosyal na pangangailangan ng bawat tao, isang praktikal at makatuwiran na pamamaraan ng pamumuhay. Ito lamang ang pamamaraan ng pamumuhay na katanggap-tanggap sa Diyos, at ito lamang ang tanging daan patungo sa Paraiso.

*"At kung sino man ang gumawa ng matuwid, lalaki man o babae at isang mananampalataya, ay igagawad Namin sa kanya ang magandang pamumuhay, at katotohanan na Aming ibibigay sa kanila ang gantimpala (sa kabilang buhay) ayon sa kanilang nagawa." - Quran 16:97*

# CONTENTS


- Tungkol sa ISLAM – Isang Maikling Pambungad
- Si Propeta MUHAMMAD (Sumakanya ang Kapayapaan) – Kailangan mong makilala ang taong ito!
- SI HESUS – Isang Propeta ng Diyos
- Ang Pananaw ng Islam sa Diyos
- Ang Qur'an – Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan
- Ano ang Layunin ng Buhay?
- Mga Maling Pang-uunawa Tungkol sa ISLAM
- Ang mga Karapatan ng Kababaihan sa Islam
- Ang Agham sa ISLAM
- ang hijab – Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan
- Ang Kamatayan at ang Kabilang Buhay sa Islam


# SI PROPETA MUHAMMAD

(SUMAKANYA ANG KAPAYAPAAN)

## Kailangan mong makilala ang taong ito!

FILIPINO | (02/11) | النبي محمد عليه الصلاة والسلام | FREE COPY


جمعية دار البر
Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات
THE EMIRATES

*Your Path To Peace..*

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

تصريح رقم:
(2017/139)
دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department

www.islamicic.com

CONTENTS






# Sino si Muhammad? (sumakanya ang kapayapaan)

> *"Katotohanan na sa sugo ni Allah ay mayroon kayong pinakamagandang halimbawa upang sundin, sa sino man ang naghahangad kay Allah..."*
>
> *Qur'an 33:21*

Ang mga Muslim ay naniniwala na si Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay ang pinakahuling propeta mula sa mahabang linya ng mga propeta na pinadala upang tawagin ang mga tao sa pagsunod at pagsamba sa nag-iisang Diyos. Ilan sa mga propetang ito ay sina Adam, Noah, Moses Abraham, Ishmael, Isaac, Jacob, David, at Hesus (sumakanila nawa ang kapayapaan).

Katulad ni Moses (sumakanya nawa ang kapayapaan) na pinadalhan ng Torah at Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) na pinadalhan ng Ebanghelyo, (hindi ang kasalukuyang anyo na isinalin), naniniwala ang mga Muslim na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay pinadalhan ng Qur'an upang ipakita kung paano ipamuhay ang mga katuruan nito.

Ang isang asawa ng Propeta (sumakanya ang kapayapaan), ay tinanong na ilarawan ang Propeta (sumakanya ang kapayapaan), at siya ay sumagot na nagsasabi na ang kanyang ugali ay ang Qur'an, ibig sabihin ay masusing sinunod ni Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ang mga dakilang katuruan ng Qur'an sa pang araw-araw niyang pamumuhay.

## Misyon ng **Habag**

Hindi lamang gawaing pagsamba ang itinuro ng Propeta (sumakanya ang kapayapaan) sa mga tao, kundi itinuro niya na ang pananampalataya ay kailangang makita sa gawa. Sinabi niya, **"Ang pinakamainam sa inyo ay yaong may magandang pag-uugali."**

> *"At hindi ka (Muhammad) Namin (Diyos) ipinadala liban na lamang bilang awa sa sangkatauhan."*
>
> *Qur'an 21:107*

Maraming kasabihan ang Propeta (sumakanya ang kapayapaan) na nagbibigay diin patungkol sa relasyon ng paniniwala at gawa, halimbawa nito ay,

**"Kung sino man ang naniniwala kay Allah at sa Huling Araw ay huwag niyang saktan ang kanyang kapitbahay, sa halip ay paglingkuran niya ang kanyang bisita ng bukas-palad, at magsalita ng mabuti o manahimik na lamang."**

CONTENTS




Ang Propeta (sumakanya ang kapayapaan) ay nagturo sa mga tao na magpakita ng habag at respeto sa isa't isa, **"Ang sino man na hindi nagpapakita ng habag sa ibang tao ay hindi pakikitaan ng habag."**

Sinabi ng Propeta (sumakanya ang kapayapaan), **"Hindi ako ipinadala upang magbigay ng sumpa ngunit bilang habag."**

# Pagpapatawad

Ang Propeta (sumakanya ang kapayapaan) ay siyang mapagpatawad sa lahat ng tao at siya din ang pinakamabuti. Pinapatawad niya ang umaabuso sa kanya, at kung ang tao ay mas marahas, mas lumalakas ang kanyang pagtitimpi. Siya ay mapagparaya at mapagpatawad, lalo na kapag siya ang nangingibabaw at may kakayahang gumanti.

> *"Hayaan na sila ay maging mapagpatawad at mapagparaya: Hindi ba ninyo nais na patawarin din kayo ni Allah? At si Allah ay Palagiang Nagpapatawad..."*
>
> *Qur'an 24:22*

Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), ay pinapatawad niya ang lahat na pagkakamali at pang-aapi sa kanya, malaki man o maliit. Siya ay mabuting halimbawa ng pagpapatawad at kabaitan, katulad ng nabanggit sa Quran, **"Panatilihin ang pagpapatawad (O Muhammad), at magtaguyod ng kabutihan, at lumayo sa mga mangmang."** Qur'an 7:199

# Pagkakapantay-Pantay

Itinuro ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan), na ang lahat ng tao ay pantay-pantay sa paningin ng Diyos,

> *"Katiyakan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ni Allah ay siyang pinakamabuti sa inyo."*
>
> *Qur'an 49:13*

**"Lahat ng tao ay mula kay Adan at si Adan ay mula sa lupa. Ang Arabo ay hindi higit kaysa hindi Arabo, ang maitim ay hindi higit kaysa maputi, maliban sa pagiging matuwid."**

**"Ang Diyos ay hindi humahatol sa inyong anyo at kayamanan, Ngunit tinitingnan Niya ang inyong mga puso at gawain."**

Minsan isang kasamahan ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay tinawag ang isa pang kasamahan na, **"O Anak ng babaeng maitim!"** Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagalit at sumagot, **"Sinisisi**

CONTENTS




**mo ba siya dahil sa maitim ang kanyang ina? Meron ka pa ring bakas ng kamangmangan mula sa panahon bago pa dumating ang Islam."**

# Mapagpaumanhin

> *"Ang mabuti at masama ay hindi magkapantay. Gantihan ang masama ng kung ano ang pinakamainam..."*
> *Qur'an 41:34*

**"Huwag ninyong gawan ng masama ang gumagawa ng masama sa inyo, subalit sila ay patawarin at maging mabuti sa kanila."** Ganito makitungo ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa mga taong umaatake at umaabuso sa kanya.

May mga pagkakataon na kung saan ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay may kakayahan na gumanti sa mga gumagawa ng masama sa kanya, subalit pinipigilan niya ang kanyang sarili.

Sinabi ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan): **"Ang taong malakas ay hindi yaong natatalo niya ang ibang tao dahil sa kanyang lakas, subalit siya ang tao na kaya niyang pigilan ang kanyang sarili."**

Ang pagtitiis at pagpaparaya ay hindi nangangahulugan na ang Muslim ay hindi na niya ipagtatanggol ang kanyang sarili kapag siya ay inaabuso. Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi, **"Huwag ninyong naisin na makaharap ang inyong mga kalaban, subalit kapag nakaharap ninyo sila ay maging matatag kayo."**

# Pagiging Malumanay

> *"Sa pamamagitan ng Awa ni Allah, ay naging malumanay ka sa kanila, kung ikaw ay marahas at matigas ang puso sa kanila, sila ay lalayo sa paligid mo."*
> *Qur'an 3:159*

Isang kasamahan ng Propeta ang nagsilbi sa kanya sa loob ng sampung taon at nagsabi na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay malumanay sa pakikitungo sa kanya. **"Kapag may bagay akong ginawa o hindi nagawa, hindi niya tinatanong ang dahilan kung bakit ko nagawa o bakit hindi ko ginawa. Siya ang uri ng tao na palakaibigan sa lahat."**

Sa isang okasyon, ang asawa ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagalit matapos laitin ng isang tao.


CONTENTS

































Sinabi ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan); **"Maging mahinahon, dahil gusto ni Allah ang pagiging mahinahon."**

**"Maging mahinahon! Dahil kapag ang pagiging mahinahon ay nasa isang bagay, ito ay nagiging maganda, at kapag ito ay inalis, nagiging pangit ang bagay na yaon."**

# Pagiging Mapagpakumbaba

Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay pinipigilan niya ang mga tao na tumayo para sa kanya bilang paggalang. Madalas siyang umupo sa isang pagtitipon kapag may bakanteng lugar at hindi siya naghahanap ng espesyal na lugar. Hindi magara ang kanyang pananamit. Siya ay nakikihalubilo sa mga mahihirap at mga nangangailangan; siya ay umuupo kasama ng mga matatanda at tinutulungan ang mga biyudang babae. Ang mga hindi nakakakilala sa kanya ay wala silang makitang pagkakaiba niya sa ibang mga tao.

> *"At ang alipin ng Higit na Mapagbigay (Diyos) ay siyang naglalakad sa kalupaan ng may pagpapakumbaba at kapag sila ay pinagsalitaan ng mga mangmang, kanilang sinasabi: 'Kapayapaan.'"*
>
> *Qur'an 25:63*

Sinabi niya sa kanyang mga kasamahan, **"Si Allah ay nagpahayag sa akin, na maging mapagpakumbaba kayo. Walang sinuman ang dapat na magmalaki sa iba, at walang sinuman ang dapat mang-api sa iba."**

Siya ay mapagpakumbaba at ganoon din ay natatakot na baka siya ay sambahin ng tao, isang karapatan na nauukol lamang sa Diyos:

**"Huwag kayong magmalabis sa pagpupuri sa akin katulad ng pagpupuri ng mga Kristiyano kay Hesus, Ako ay isang alipin lamang at Sugo, kaya tawagin ninyo akong Alipin at Sugo ni Allah."**

# Ang Huwarang **Asawa**

Si Aisha, asawa ng Propeta, ay nagsabi, **"Siya ay tumutulong sa gawaing bahay, inaayos niya ang kanyang damit at sapatos. Ginagatasan at pinapakain niya ang kanyang alagang hayop at gumagawa ng gawaing bahay."**

> *"At mamuhay ka sa kanila (iyong mga asawa) ng may kabaitan."*
>
> *Qur'an 4:19*

Hinihimok niya ang kanyang mga kasamahan na sundin ang kanyang halimbawa, **"Ang pinaka-perpektong mananampalataya sa inyo ay ang may pinakamabuting pag-uugali, at ang pinakamabuti sa kanila ay ang pinakamabuti sa kanilang mga asawa."**

Reference: www.islamicpamphlets.com

## CONTENTS






# Ang Huwarang **Halimbawa**

> *"Ikaw (Muhammad) ay may pinakamataas na antas ng pag-uugali."*
> *Qur'an 68:4*

Ang mga nabanggit ay mga sulyap lamang kung paano ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay namuhay. Ang mga halimbawa na nabanggit ay maaaring ikagulat ng ilang tao dahil na rin sa maling pagsasalarawan ng "media" sa Islam at ang patuloy na maling pag-uugnay dito.

Mahalagang maunawaan ng iba, na kapag nais maunawaan ang Islam ay kailangan na pumunta direkta sa pinagkukunan nito: Ang Quran, at Tradisyon ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) at hindi dapat husgahan ninuman ang Islam dahil lamang sa maling gawain ng ilang mga Muslim.

# Mga Pahayag ng mga **Hindi Muslim**

Si Mahatma K. Gandhi, ang pinuno ng "Indian Independence Movement", ay nagsabi: **"Ang kapayakan, ang kababaang-loob ng Propeta, pagtupad sa kanyang mga pangako, kanyang debosyon sa kanyang mga kaibigan, ang kanyang kagitingan, ang kanyang katapangan, ang kanyang walang pag-aalinlangang pagtitiwala sa Diyos at sa kanyang misyon, ito, at hindi ang espada ang nagdala ng lahat sa kanila upang malampasan ang bawat balakid."**

Si George Bernard Shaw, isang manunulat sa Britaniya ay nagwika: **"Kailangan ng mundo ng isang tao na katulad ni Muhammad; dahil sa kawalan ng kaalaman ng mga relihiyosong tao sa Gitnang Panahon (Middle Ages), masama ang pagpapakilala nila sa kanya. Itinuring siya na kaaway ng Kristiyanismo. Subalit matapos kong tingnan ang kanyang talambuhay, napatunayan ko na ang kanyang kuwento ay nakakabighani at mahimala, kailanman ay hindi siya naging kaaway ng Kristiyanismo, dapat siyang tawagin na tagapagligtas ng sangkatauhan. Sa aking palagay, kung siya ay bibigyan ng pagkakataon na mamuno, ay kaya niyang lutasin ang ating suliranin at mangingibabaw ang kapayapaan at kaligayahan sa mundo."**

## CONTENTS


TUNGKOL SA ISLAM — ISANG MAIKLING PAMBUNGAD

SI PROPETA MUHAMMAD — Kailangan mong makilala ang taong ito!

SI HESUS — ISANG PROPETA NG DIYOS — BILANG MUSLIM AY MAHAL NAMIN SI HESUS

ANG PANANAW NG ISLAM SA DIYOS — Walang Sinuman ang Kaysa Lumikha

Ang Qur'an — Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan

ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY? — Saan ako nagmula? Bakit ako narito? Saan ako patungo?

MGA MALING PANG-UUNAWA TUNGKOL SA ISLAM — Ano ang talagang nalalaman mo tungkol sa Islam?

ANG MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN SA ISLAM — itinatangi, iginagalang, pinaparangalan

Ang Agham sa ISLAM

ang hijab — Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan

ANG KAMATAYAN AT ANG KABILANG BUHAY SA ISLAM


# SI HESUS

## ISANG PROPETA NG DIYOS

FILIPINO | (03/11) النبي عيسى عليه الصلاة والسلام | FREE COPY

## *BILANG MUSLIM AY MAHAL NAMIN SI HESUS*


جمعية دار البر
Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات
THE EMIRATES

Your Path To Peace..

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

تصريح رقم:
(2017/139)

دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department

www.islamicic.com

CONTENTS




Si Hesus ay isang tao na minamahal at iginagalang ng bilyun - bilyong tao sa buong mundo, subalit mayroong malaking kalituhan na nakapalibot tungkol sa kanya. Ang mga Muslim at Kristiyano ay kapwa mataas ang pagkilala nila kay Hesus, ngunit magkaiba ang kanilang pananaw tungkol sa kanya.

Layunin ng babasahing ito na linawin ang tungkol kay Hesus: 'Siya ba ay Diyos o sinugo lamang ng Diyos? Sino ang tunay na Hesus?

# "SI HESUS BILANG DIYOS"

Ang mga Kristiyano ay umaangkin na "si Hesus ay Diyos" o bahagi ng tatlong persona ng Diyos (Trinity), at ang Diyos ay nagkatawang-tao. Subalit , ayon sa Bibliya, si Hesus ay ipinanganak, kumain, natulog, nanalangin at mayroong limitadong kaalaman. Ang mga katangian ng Diyos ay perpekto, samantalang ang sa tao ay hindi. Papaano sila maging iisa kung magkasalungat ang kanilang mga katangian?

Ang Islam ay nagtuturo na ang Diyos ay perpekto. Ang maniwala na ang Diyos ay naging tao ay isang pag-amin na minsan ang Diyos ay nagkaroon ng kakulangan. Maaring tanungin ang isang Kristiyano, 'Ang diyos ba na dati ay isang sanggol na walang kakayahan, na hindi mabubuhay ng walang pagkain, inumin o tulog, ay iisa o katulad ng Diyos na nabanggit sa Lumang Tipan? Tiyak na hindi.

Sasabihin ng iba, **"Kung ang Diyos ay makapangyarihan, kaya rin niya na maging tao?"** Ang Diyos ay hindi gagawa ng gawaing hindi maka-diyos o anumang gawain na hindi nararapat o hindi angkop para sa Diyos. Kaya, kapag ang Diyos ay naging tao at nagkaroon siya ng katangian ng tao, ay nangangahulugan na hindi na siya Diyos.

May mga hindi malinaw na bersikulo ng Bibliya na pinaniniwalaan ng mga Kristiyano na si Hesus ay may mga katangian ng kabanalan. Ngunit kung titingnan nang maigi ang mga malinaw na bersikulo ng Bibliya, ay ating makikita na si Hesus ay hindi humigit sa isang katangi-tanging tao lamang. Ang Bibliya ay naglalaman ng mga bersikulo na si Hesus ay nagsasabi at kumikilos na siya at ang Diyos ay hindi iisa, na silang dalawa ay magkaiba:

- Si Hesus ay **"nagpatirapa at nanalangin."** [Mateo 26:39]. Kung siya ay Diyos, ang Diyos ba ay magpapatirapa at manalangin? At kanino naman siya nananalangin?
- Si Hesus ay tinawag sa Bibliya bilang isang Propeta [Mateo 21:10-11], kaya papaano magiging Diyos ang Propeta?
- Si Hesus ay nagwika, **"Ako ay papunta sa aking Ama, sapagkat ang Ama ay mas lalong dakila kaysa akin."** [Juan 14:28]
- Si Hesus ay nagwika, **"Ako ay aakyat sa aking Ama, at inyong Ama, sa aking Diyos, at sa inyong Diyos."** [Juan 20:17] Kung si


# CONTENTS



































Hesus ang Diyos, bakit niya sinabi, **"sa aking Diyos, at sa inyong Diyos,"**?

Kung si Hesus ay Diyos, dapat sinabi niya sa mga tao na sambahin siya, at dapat may bersikulo sa Bibliya tungkol sa bagay na ito; sa halip kabaliktaran ang ating mababasa: **"At walang kabuluhan ang pagsambang iniukol nila sa akin."** [Mateo 15:9]

# "ANAK NG DIYOS"

Sinasabi ng ibang Kristiyano na si Hesus ay Anak ng Diyos. Ano ba talaga ang kahulugan nito? Katotohanan na si Allah ay hindi magkakaroon ng literal na anak. Ang anak ng tao ay tinatawag na bata. Ang anak ng pusa ay tinatawag na kuting. Ano naman ang tawag sa anak ng Diyos?

Ang salitang Anak ng Diyos ay isang patalinghaga, ito ay ginagamit sa Bibliya at tumutukoy sa mga **"taong matuwid".** Ito ay ginamit para kay Propeta David, Solomon at Israel (Jacob): **"At iyong sasabihin kay Faraon, Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang Israel ay aking anak, aking panganay,"** [Exodus 4:22]. **"Sapagka't lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios."** (Roma 8:14)

> *"At hindi maaari para kay Allah, at hindi angkop sa Kanyang Kadakilaan na Siya ay magkakaroon ng anak. Luwalhati at Kadalisayan sa Kanya..."*
>
> *Quran 19:35*

# "ANG AMA AT PANGINOON"

Ang salitang Ama bilang pagtukoy sa Diyos, ay hindi rin literal, ito ay isang patalinghaga. Isang pamamaraan ng pagtawag sa Diyos bilang Tagapaglikha, Tagapangalaga at Pinakamataas sa lahat: Ating mababasa sa Bibliya: **"Isang Dios at Ama ng lahat, na siyang sumasa ibabaw sa lahat, at sumasa lahat, at nasa lahat."** [Efeso 4:6]

Si Hesus, minsan ay tinawag na 'Panginoon' ng kanyang mga disipulo. Ito ay ginagamit sa Diyos o sa mga taong may mataas na katungkulan. Sa Bagong Tipan na Griyego, ang salitang 'kyrios' ay parehong ginamit sa 'Panginoon' at sa may-ari ng ubasan, "At nang dumating ang hapon, sinabi ng panginoon ng ubasan sa kaniyang katiwala, tawagin mo ang mga manggagawa…." [Mateo 20:8].

Sa ibang bahagi ng Bibliya, si Hesus ay tinawag na 'alipin/lingkod' ng Diyos ng kanyang mga disipulo: **"Ang Dios ni Abraham, at ni**

CONTENTS




**Isaac, at ni Jacob, ang Dios ng ating mga magulang, ay niluwalhati ang kaniyang Lingkod na si Jesus..."** [Mga Gawa 3:13]

Maraming paliwanag ang ginawa tungkol sa masalimuot na usapin na may kinalaman sa katayuan ng Diyos at ni Hesus, na nagdudulot ng kalituhan at hindi nagbibigay-kasiyahan sa mga tao. Subalit, may isang malaking palaisipan: Bakit kailangan ng Diyos na gawin itong mahirap maunawaan? Alin ang tama; ang masalimuot na katuruang ito, o ang simple, malinaw at dalisay na turo ng Islam tungkol sa Diyos?

# HESUS: BILANG PROPETA

Sa pananampalatayang Judaismo, si Hesus ay itinakwil bilang Messiah. Samantalang sa Kristiyanismo siya ay sinamba bilang diyos, o anak ng Diyos. Sa Islam, si Hesus ay kinikilala bilang isang marangal na Propeta at Sugo ng Diyos, ganoon din bilang isang Messiah, ngunit hindi siya sinasamba ng mga Muslim-dahil ang pagsamba ay nauukol lamang sa Diyos na Siyang lumikha kay Hesus at sa lahat ng nilalang.

*"Siya (Hesus) ay nagwika, '... ako ay lingkod lamang ni Allah. Ibinigay Niya sa akin ang aklat at hinirang ako bilang isang Propeta."*

*Quran 19:30*

# MAHIMALANG PAGSILANG

Ayon sa Qur'an, si Anghel Gabriel ay isinugo ni Allah na pumunta kay Maria, sa anyo ng isang lalaki, at sinabi ni Gabriel kay Maria na siya (Maria) ay magkakaroon ng isang anak na lalaki.

*"Sinabi ng anghel sa kanya: "Katiyakan, ako ay Sugo ng iyong Rabb (Panginoon) na ipinadala sa iyo: upang ipagkaloob sa iyo ang malinis na sanggol, na walang bahid ng anumang kasalanan." Sinabi niya (Maria) sa anghel: "Paano ako magkakaroon ng sanggol gayong walang sinuman ang nakahipo sa akin na lalaki (asawa) at hindi ako babaeng mahalay?"*

*Quran 19:19-21*


Ang ibang Kristiyano ay nagsasabi na si Hesus ay anak ng Diyos dahil siya ay ipinanganak na walang ama. Subalit, may nauna pa sa kanya at ito ay walang iba kundi si Propeta Adan, na lumitaw sa mundong ito na walang ama at ina. Sinabi ni Allah:

## CONTENTS



























*"Katotohanan! Ang kahalintulad ni 'Eisa (Hesus) sa (paningin ni ) Allah ay tulad ni Adam (Adan). Siya ay Kanyang nilikha mula sa alabok, pagkaraan (si Allah) ay nagsabi:"Kun (Maging!) at nangyari nga."*
*Quran 3:59-60*

Kung si Hesus ay sinamba dahil siya ay walang ama, si Adan ay higit ang karapatan na sambahin dahil siya ay nilikha na walang magulang.

# HIMALA NI HESUS

Si Hesus ay ipinaglihi nang mahimala na walang ama at gumawa ng mga malaking tanda o himala sa kapahintulutan lamang ng Diyos/ Allah. Siya (Hesus) ay nagsalita bilang sanggol upang ipagtanggol ang kanyang ina laban sa bintang ng mga tao ng pangangalunya. Siya ay bumuhay ng patay, pinagaling ang ketongin, pinadilat ang mata ng bulag sa kapahintulutan ng Diyos.

Kung si Hesus ay gumawa ng mga himala, ito ay nagpapakita lamang na siya ay isang lingkod ng Diyos at wala ng iba pang kahulugan. Maraming Sugo ang gumawa ng himala, kabilang na sina Noah, Moises at Muhammad, (sumakanila nawa ang kapayapaan), ang mga ito ay nangyari lamang sa kapahintulutan ng Diyos, upang ipakita na sila ay mga tunay na Sugo ng Diyos.

# MENSAHE NI HESUS

Ang mga Propeta kagaya ni Abraham, Noah at Jonah ay kailanman hindi nagturo na ang Diyos ay kabahagi ng Santisima Trinidad, at lalong hindi sila naniwala na si Hesus ang kanilang tagapagligtas. Ang mensahe ng mga Propeta ay iisa: "Walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Tunay na Diyos". Hindi katanggap-tanggap na ang Diyos ay nagpadala ng mga naunang Propeta na may iisang mensahe, at babaguhin Niyang bigla, sasabihin na Siya ay bahagi ng Tatlong Persona, at iuutos Niya na si Hesus ay diyos at tagapagligtas.

Si Hesus ay nagturo ng iisang mensahe tulad ng mga naunang Propeta. Mayroong bersikulo sa Bibliya tungkol sa mensaheng ito, **"Sumagot si Jesus, Ang pangulong utos ay, Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon na ating Dios, ang Panginoon ay iisa."** [Markus 12:28-29]. Kaya ang pinakamahalagang utos ayon kay Hesus ay 'mayroong nag-iisang Diyos lamang. Kaya kung si Hesus ay Diyos dapat sinabi niya na, 'Ako ang Diyos, sambahin ninyo ako'. Sa halip, ay inulit lamang niya ang bersikulo mula sa Lumang Tipan na nagpapatunay na ang Diyos ay Iisa.

Reference: www.islamicpamphlets.com


CONTENTS

































Ang misyon ni Hesus ay ayon sa katuruan ng Islam, na si Hesus ay sinugo sa Israel para patunayan ang mensahe ng mga naunang Propeta- ang paniniwala sa Nag-iisang Tunay na Diyos.

> *"At nang dinala ni Hesus ang malinaw na katibayan, ay sinabi niya, 'Katotohanan, Si Allah- Siya ang aking Panginoon at inyong Panginoon. Kaya sambahin ninyo Siya."*
>
> *Quran 43:64*

Bilang isang marangal na Sugo ng Diyos, si Hesus ay sumunod at sumuko sa mga kautusan ng Diyos. Kaya siya ay isang "Muslim"- ang salitang Muslim ay tumutukoy sa sinuman na sumusuko at tumatalima sa kalooban at kautusan ng Diyos.

# SI **HESUS** SA **ISLAM**

Si Hesus ay isang Propetang ipinadala para tawagin ang mga tao na sambahin ang Iisang Diyos. Ito ay nakasaad sa Bibliya at Qur'an. Pinaliwanag ng Islam ang tunay na katayuan ni Hesus, habang pinapanatili ang dalisay na paniniwala tungkol sa Diyos, tungkol sa Kanyang kumpletong Kadakilaan, Pagkabukod-tangi at Kaluwalhatian.

Ikaw ay aming inaanyayahan na tingnan at suriin ang Islam. Ito ay ang relihiyon at mensaheng itinuro ng mga propeta. Ang kahulugan ng Islam ay 'Pagsuko sa Kalooban ng Diyos', ito ay paraan ng pamumuhay na nananawagan sa tao na bigyan ng pansin ang kanyang ugnayan sa Diyos at sa Kanyang mga nilikha. Ang Islam ay nagtuturo na ang Diyos ay Makatarungan at Mahabagin, na hindi Niya iaalay ang Kanyang sarili para patawarin ang mga kasalanan. Hindi rin naniniwala ang Islam na ang sanggol ay "ipinanganak na makasalanan". Ang Diyos ay hahatol ayon sa ginawa ng bawat isa, at sila ay mananagot ayon sa kanilang ginawa.

Ang Islam ay nagtuturo na mahalin ang lahat ng Propeta, ngunit hindi nangangahulugan na sila ay sambahin dahil ang pagsamba ay nauukol lamang sa Diyos. Ang pagtanggap kay Hesus bilang isang Propeta ng Diyos upang maging isang ganap na Muslim ay hindi nangangahulugan na mababago ang pagiging Kristiyano ng isang tao. Ito ay isang pagbabalik lamang sa tunay na katuruan ni Hesus.

HOTLINE
+971 56 204 2045
islamicicdxb
islamicic.com
info@islamicic.com
+971 4 355 5223
DOWNLOAD FILIPINO FLYER
www.iicdxb.com/filipino

## CONTENTS


TUNGKOL SA ISLAM — ISANG MAIKLING PAMBUNGAD

SI PROPETA MUHAMMAD — Kailangan mong makilala ang taong ito!

SI HESUS — ISANG PROPETA NG DIYOS

ANG PANANAW NG ISLAM SA DIYOS — Walang Sinuman ang mas Higit pa Kaysa Lumikha

Ang Qur'an — Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan

ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?

MGA MALING PANG-UUNAWA TUNGKOL SA ISLAM

ANG MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN SA ISLAM

Ang Agham sa ISLAM

ang hijab — Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan

ANG KAMATAYAN AT ANG KABILANG BUHAY SA ISLAM


# ANG PANANAW NG ISLAM SA DIYOS

FILIPINO | (04/11) مفهوم الإله في الإسلام | FREE COPY

## Walang Sinuman ang mas Higit pa Kaysa Lumikha


جمعية دار البر
Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات
THE EMIRATES

Your Path To Peace..

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

تصريح رقم:
(2017/139)

دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department


www.islamicic.com

CONTENTS


























# Mayroon bang **Diyos?**

Mayroong mga makatuwiran na dahilan para maniwala sa Diyos.

## 1. Ang Kaayusan ng **Sanlibutan**

Isipin mo na lamang habang ikaw ay naglalakad sa dalampasigan at ikaw ay nakakita ng relo sa buhangin. Maniniwala ka ba na ito ay nabuo na lamang nang kusa? Hindi puwedeng sabihin na ito ay nagkataon lamang at kusa na lang sumulpot sa buhangin. Ang masalimuot na detalye ng bawat bahagi ng relo ay hindi puwedeng mabuo sa mga materyales na nakabaon sa buhangin na walang gumawa. Ang pagkakataon na dulot lang ng kalikasan ay hindi maaaring makagawa ng gumaganang relo.

Ang pag-ikot ng mundo sa araw ay kontrolado na ang mga siyentipiko ay nagbibigay ng paunang pahayag ng mga oras, kahit ang pagsikat at paglubog nito. Katulad ng relo, gayundin ang mundo ay mayroong Tagapaglikha na gumawa para maging tama ang panahon ng pag-ikot nito sa araw. Maaari bang mangyari ito nang kusa na lamang?

Ganundin naman, kapag nakakakita tayo ng kaayusan, batas at sistema sa ating mga sarili at sa buong sanlibutan, hindi ba makatuwiran na ang buong sanlibutan ay may Tagapagsaayos nito? Ang tagapagsaayos na ito ay mainam na nagpapaliwanag sa pagkakaroon ng Diyos – ang Siyang nagdala ng kaayusan ng sanlibutan.

## 2. Ang Simula ng **Sanlibutan**

Ang makabagong agham ay nagpatunay na ang sanlibutan ay may simula. Ito ay batay sa natuklasan kamakailan lamang na ang daigdig ay lumalawak, at kapag tayo ay bumalik sa naunang mga panahon, ang sanlibutan ay magkakasama sa pasimula. Mayroon tatlong posibleng paliwanag sa simula ng sanlibutan, ito ay maaaring:

> *Ang karanasan ng tao ay nagpapakita sa atin na ang anuman na may simula ay hindi maaaring nanggaling sa wala.*

1. Ang sanlibutan ay nanggaling mula sa wala,
2. Ang sanlibutan ay nagsimula sa sarili nito,
3. Ang sanlibutan ay nilikha.

CONTENTS






Sa pangalawang paliwanag, ang isang bagay ay hindi mangyari kung hindi pa ito umiiral. Kaya ang pangatlong paliwanag na lamang ang masasabi natin na makatuwiran: na may isang Mataas at Maalam na Diyos, ang Siyang lumikha ng sanlibutan.

Maaaring itanong ng ibang tao, "Sino ang lumikha sa Diyos?" Ang Diyos, Ang Tagapaglikha, ay iba sa Kanyang mga nilikha. Kung Siya ay parehas ng Kanyang mga nilikha, nangangailangan din siya ng isa pang tagapaglikha, na hahantong sa ideya ng napakaraming tagapaglikha. Ang Diyos ay nanatiling umiiral at walang simula; kung sa gayon ang katanungang ito ay hindi makatuwiran.

# 3. Kasulatan mula sa **Diyos**

*Kapag ang Diyos ay magpapahayag ng aklat para sa sangkatauhan, ang aklat na ito ay naglalaman ng malinaw na katibayan na mayroong Diyos.*

Mayroong malinaw na tanda na ang Qur'an, ay salita ng Diyos. Sa ibaba ay ang maiksing paliwanag tungkol sa bagay na ito:

- Ang Quran na ipinahayag noong 1400 taon na ang nakalipas ay naglalaman ng mga maka-agham na katotohanan na kamakailan lamang natuklasan. Halimbawa, ang tubig bilang pinagmulan ng lahat na may buhay (Qur'an 21:30); Ang paglawak ng sanlibutan (Qur'an 51:47); at ang kanya-kanyang "orbit" ng araw at buwan (21:33).
- Ang Qur'an ay naglalaman ng mga makasaysayang katotohanan na hindi pa nalalaman ng mga tao noon, pati na rin ang mga maraming hula na napatunayan na tama.
- Ang Qur'an ay ligtas sa lahat ng kamalian o pagkakasalungatan.
- Ang Qur'an ay napanatili ang bawat titik, mula pa nang ito ay inihayag sa kanyang orihinal na wikang Arabik, na di tulad ng ibang kasulatan na hindi napanatili sa tunay na anyo at wika.
- Ang simple, dalisay at pangkalahatang mensahe ng Qur'an ay umaakit sa likas na paniniwala ng tao patungkol sa Diyos.
- Ang Qur'an ay ipinahayag kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na hindi nakapag-aral. Subalit, ito ay naglalaman ng kakaibang istilo ng salita na pinaniniwalaan bilang tugatog ng kagandandahan ng wikang Arabik.


*Ang maraming kakaiba at mahimalang aspeto ng Qur'an ay siyang pinakamainam na paliwanag na ito ay nanggaling sa Diyos.*

CONTENTS


























# Sino ang Diyos?

*"At ang inyong Diyos ay Nag-iisang Diyos. Walang ibang Diyos maliban sa Kanya."*
*Quran 2:163*

"Allah" ay ang personal na pangalan ng Nag-iisang Tunay na Diyos. Walang sinuman o anupaman ang puwedeng tawagin na Allah. Hindi ito pangmaramihan at hindi rin tumutukoy ng kasarian katulad ng salitang "Diyos" sa Ingles na puwedeng pangmaramihan ("gods") o pambabae ("goddess").

Ang pangunahing kagandahan ng Islam ay ang pagkilala sa pagiging Perpekto, pagiging Dakila at pagbubukod-tangi kay Allah, na walang pag-aalinlangan. Ito ay makikita sa dalisay na turo ng Islam tungkol sa mga katangian ng Diyos.

## Ang **Diyos** ay Nag-iisa at Namumukod-Tangi

- Ang Diyos ay walang katambal o walang katulad.
- Ang Diyos ay walang ama, ina, anak na lalake o babae o mga asawa.
- Ang Diyos lamang ang dapat na sambahin.
- Kung ang Diyos ay marami, ito ay magpapakita lamang ng kakulangan sa Kanyang Kapangyarihan at kinakailangan Niya na makipagkasunduan o nangangailangan pa ng pagsang-ayon ng ibang diyos.

## Ang **Diyos** ay Pinakamakapangyarihan

- Ang Diyos ang may kapangyarihan sa lahat.
- Ang lahat ay sumusunod at umaasa lamang sa Kanya.
- Ang pagsunod at pagsuway ng tao sa Diyos ay hindi nakakadagdag o nakakabawas sa Kanyang Kapangyarihan sa kahit anupamang paraan.

## Ang **Diyos** Ang Pinakamataas


- Walang sinuman ang maihahalintulad sa Kanya.
- Ang katangian ng Diyos ay hindi katulad ng Kanyang mga nilikha.
- Walang bahagi ng Diyos ang umiiral sa nilikha.
- Ang Diyos ay perpekto at walang limitasyon na tulad ng tao, katulad ng pagpapahinga sa ika pitong araw pagkatapos Niyang likhain ang buong sanlibutan, na inaangkin ng ilang relihiyon.

CONTENTS



























## Ang **Diyos** ang Higit na Makatarungan at Maawain

- Hindi kailangan ng Diyos na isakripisyo ang Kanyang sarili, dahil ang tao ay ipinanganak na walang kasalanan.
- Hahatulan ng Diyos ang bawat isa batay sa kanyang ginawa at mananagot ayon dito.
- Ang tao ay maaaring mapalapit sa Diyos sa pamamagitan ng paniniwala, at kagandahang asal at hindi sa lahi, kayamanan o katayuan sa lipunan.

# Ang kalagayan ni Hesus

> *Kapag ipapaliwanag ang konsepto ng Diyos sa Islam, mahalaga na talakayin ang katayuan ni Hesus, dahil na rin sa malawakang kalituhan at pag-aangkin patungkol sa kalagayan ni Hesus.*

May ilang Kristiyano na nag-aangkin na si **"Hesus ay Diyos"** - na siya ay Diyos na nagkatawang-tao dito sa mundo at ang Diyos ay naging anyong tao. Subalit, ayon sa Bibliya, si Hesus ay ipinanganak, kumain, natulog, nagdasal at may limitadong kaalaman – mga katangian na hindi nararapat sa Diyos. Ang Diyos ay may perpektong katangian samantala ang sa tao ay kabaligtaran. Kaya paano ang dalawang magkasalungat na katangian ay magkatulad? Hindi ito makatuwiran.

May iilan na magtatanong, "Kung kayang gawin ng Diyos ang lahat, bakit hindi Niya kayang maging tao? Ang Diyos ay hindi gagawa ng mga gawaing hindi maka-diyos, kaya kung ang Diyos ay naging tao, samakatuwid hindi na siya Diyos.

May mga talata sa Bibliya na nagpapatunay na si Hesus at ang Diyos ay magkaiba. Halimbawa si Hesus ay **"nagpatirapa at nanalangin"** (Mattew 26:39). Kung si Hesus ay Diyos, dapat ba ang Diyos ay magpatirapa at manalangin? At, kanino siya nanalangin?

> *"Hindi nararapat para kay Allah ang magkaroon ng anak, Luwalhati sa Kanya."*
>
> *Quran 19:35*

May ilang Kristiyano ang nag-aangkin na si **"Hesus ay Anak ng Diyos"** subalit dapat nating malaman kung ano ba ang ibig sabihin ng salitang ito? Katiyakan ang Diyos ay malayong-malayo sa pagkakaroon ng pisikal at literal na anak. Subalit, makikita natin na ang katawagang "Anak ng Diyos" ay patalinghaga na ginagamit ng mga naunang salin ng Bibliya katulad na lang ni David, Solomon at Israel at hindi lamang ginagamit para kay Hesus. Subalit, ating mababasa sa Bibliya **"…si Israel ay ang aking panganay na anak"** (Exodus 4:22).

Reference: www.islamicpamphlets.com

CONTENTS




Ang paniniwala sa Islam ay maliwanag tungkol kay Hesus, at pinananatili ang dalisay na katuruan tungkol sa Diyos at Kanyang Kadakilaan. Si Hesus ay ipinadala ng Diyos para tawagin ang tao sa pagsamba sa Nag-iisang Diyos lamang.

## Ang **Diyos** Lamang ang Dapat na Sambahin

*"At sambahin ang Allah at huwag magtambal sa Kanya." Quran 4:36*

Ang Islam ay nagtuturo na ang lahat ng pagdarasal at gawain ay nararapat lamang sa Diyos. Walang may karapatan na sambahin kundi Siya; hindi ang mga rebulto, libingan, araw, buwan, mga hayop, mga Propeta, mga santo, mga anghel, mga pari o mga pantas ng relihiyon. Sila ay mga nilikha lamang ng perpektong Diyos.

## Ang **Diyos** ay Direktang Sinasamba

Ang Diyos ay hindi nangangailangan ng tagapamagitan. Ang lahat ay may direktang daan tungo sa pagsamba sa Diyos, dahil naririnig Niya ang lahat ng pumupuri at tumatawag sa Kanya. Ang pagsamba kay Allah ng hindi direkta ay pagpapakita ng pag-aalinlangan sa kaisahan ni Allah, na Siya lamang ang nararapat na sambahin.

## Ang lahat ng Propeta ay parehas ang mensahe

*"At Kami ay nagpadala sa bawat pamayanan ng Sugo, na nagsasabi, 'Sambahin si Allah at iwasan ang mga diyus-diyosan.' " Quran 16:36*

Ang mga Muslim ay naniniwala sa lahat ng mga Propeta na ipinadala ni Allah. Kabilang sa mga propetang ito ay sina Adam, Noah, Abraham, Moises, Hesus at Muhammad. Parehas ang dala nilang mensahe, ang tawagin ang mga tao na sumamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos.

## Ang Layunin ng Buhay ay Sambahin Ang **Diyos**

Ang pinakalayunin ng buhay ay tanggapin ang kadakilaan ng Diyos, itatag ang direktang ugnayan sa Kanya, at sambahin lamang Siya. Ang konsepto ng pagsamba sa Islam ay hindi limitado sa mga ritwal katulad ng pagdarasal at pag-aayuno, ito ay kinabibilangan din ng lahat ng mga gawaing kalugud-lugod sa Diyos tulad ng pagiging matuwid at pagtulong sa mga nangangailangan.

Sa pangwakas, ang haligi ng Islam ay ang paniniwala sa Kaisahan ng Diyos, Ang Lumikha, Perpekto ang Kanyang mga katangian. Siya lamang ang sasambahin. Ito ang daan upang magtagumpay dito sa mundo at sa kabila.


HOTLINE
+971 56 204 2045
islamicicdxb
islamicic.com  info@islamicic.com  +971 4 355 5223
DOWNLOAD FILIPINO FLYER
www.iicdxb.com/filipino

## CONTENTS


- Tungkol sa ISLAM — Isang Makling Pambungad
- Si Propeta MUHAMMAD — Kailangan mong makilala ang taong ito!
- SI HESUS — Isang Propeta ng Diyos
- Ang PANANAW ng ISLAM sa DIYOS — Walang Sinuman ang Karapat-dapat Kaysa Lumikha
- Ang Qur'an — Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan
- ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?
- MGA MALING PANG-UUNAWA TUNGKOL SA ISLAM
- ANG MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN SA ISLAM
- Ang Agham sa ISLAM
- ang hijab — Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan
- ANG KAMATAYAN AT ANG KABILANG BUHAY SA ISLAM


# Ang Qur'an

## Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan

FILIPINO | (05/11) | القرآن | FREE COPY



Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات THE EMIRATES

*Your Path To Peace..*

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام
www.islamicic.com

تصريح رقم: (2017/139)
دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department

CONTENTS






# Ano Ang Qur'an?

## Ang Salita ng Diyos/Allah

Ang Qur'an ay ang literal na salita ni Allah, na ipinahayag kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel.

*"Ang kapahayagan ng Aklat ay mula kay Allah, Ang Pinakamakapangyarihan, Pinakamaalam." - Qur'an 39:1*

## Gabay para sa Sangkatauhan

Ang Qur'an ay ***"gabay para sa sangkatauhan…at ang batayan (para malaman ang tama sa mali)."*** *- Qur'an 2:185*

Ito ay nagbibigay direksiyon para tulungan ang sangkatauhan na malaman ang tama sa mali, kung wala nito, ang tao, ay nasa pagkatalo.

## Ang Huling Kapahayagan

Ang Qur'an ay ang huling kasulatan na ipinahayag ni Allah, na nagpapatunay sa kung anong natitirang katotohanan mayroon sa mga naunang kasulatan at itinatama ang mga kathang-isip ng mga tao at pagdaragdag na nakasama sa mga kasulatang ito.

*"O kayong mga binigyan ng Kasulatan! Maniwala kayo sa Aming ipinahayag…" - Qur'an 4:47*

# Paano Naipahayag ang Qur'an?

Ang Qur'an ay naipahayag kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) at umiiral lamang sa wika kung saan ito ipinahayag, ang Arabik. Subalit, ang pagsasalin ng kahulugan ng Qur'an ay mababasa sa maraming wika.


Ang Qur'an ay hindi ibinaba na isang beses lamang, subalit ang kapahayagang ito ay umabot sa loob ng 23 taon bago natapos.


Mahalagang malaman ang dahilan kung bakit ipinahayag ang mga talata, upang magkaroon ng tamang pagkakaunawa; kung hindi, ito ay maaaring mabigyan ng maling pagkakaunawa.


## CONTENTS





























# Paano Malaman Na I

## Pangangalaga

Ang Qur'an ang tanging panrelihiyon na kasulatan na nananatili pa ring dalisay buhat pa nang ito ay ipinahayag. Walang nabago, nadagdag o nabawas sa wika, 1400 taon na ang nakakalipas.

> *"Kami ay walang pag-aalinlangan, ang nagbaba ng Mensahe, at tunay na kami ang magbabantay."*
>
> *Qur'an 15:09*

Hindi lamang sa papel napanatili ang Qur'an, kundi maging sa puso ng mga tao, mga bata at mga babae. Milyon-milyong Muslim ang naisasaulo nila ang buong Qur'an.

## Maka-Agham na Himala

Ang Qur'an ay hindi sumasalungat sa makabagong agham. Ito ay naglalaman ng maraming talata na naglalarawan sa mga kamangha-manghang kaganapan sa kalikasan sa iba't ibang larangan tulad ng "embryology", "meteorology", "astronomy", "geology" at "oceanography". Nakita ng mga siyentipiko ang mga ito ng may katumpakan para sa isang aklat na nagmula pa noong ika-pitong siglo.

> *"Aming ipapakita sa kanila ang Aming mga Tanda sa sansinukob at pati na rin sa kanilang mga sarili."*
>
> *Qur'an 41:53*

Maraming maka-agham na himala ang nabanggit sa Qur'an na ngayon lamang natuklasan, gamit ang makabagong gamit pang-teknolohiya. Tulad ng mga sumusunod:

- Ang Qur'an ay nagbibigay ng detalyadong pagsasalarawan ng pagkakabuo ng sanggol sa sinapupunan ng babae. Ito ay hindi pa nalalaman ng mga naunang siyentipiko noon.

- Ang Qur'an ay nagsasaad na ang mga bagay na astronomikal (bituin, planeta, buwan atbp) ay nabuo mula sa mala-ulap na alikabok. Hindi pa nalalaman noon, subalit naging prinsipyo na ng makabagong kosmolohiya ("cosmology") sa ngayon.


- Natuklasan ng makabagong agham ang pagkakaroon ng harang sa pagitan ng dalawang dagat habang napapanatili nito ang temparatura, kakapalan at kaalatan nito.


CONTENTS




























# to Ay mula Sa Diyos?

Ang mga ito ay malinaw na nakasaad sa Qur'an, mahigit 1400 taon na ang nakalipas

## Katangi-tangi

Mula pa nang ito ay ipinahayag, walang sinuman ang nakagawa ng kahit isang kabanata na katulad ng Qur'an, sa ganda, husay ng salita, karunungan, hula at iba pa.

*"At kung kayo ay nag-aalinlangan tungkol sa Aming ipinahayag sa Aming alipin, kung gayon magdala kayo ng isang kabanata na katulad nito."*

*Qur'an 2:23*

Ang mga tao na tumanggi kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nabigo sa hamon na ito, kahit sila ay mahusay sa wikang Arabik. Wala pa ring nakakasagot hanggang sa ngayon.

## Walang Pagkakasalungatan

Kapag ang tao ang sumulat, siya ay hindi ligtas sa pagkakamali tulad ng pagbabaybay, magkakasalungat na pahayag, at kung anu-ano pang mga pagkakamali.

*"Kung ito man ay nanggaling bukod kay Allah, katiyakan, makikita nila na ito ay maraming pagkakasalungatan."*

*Qur'an 4:82*

Ang Qur'an ay walang pagkakasalungatan, ito man ay sa larangan ng agham patungkol sa pagpapaulit-ulit ng tubig, "embryology, geology, cosmology, kasaysayan at propesiya.

## Si Muhammad ba ang may-akda nito?

Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay kilala sa kasaysayan na hindi nakapag-aral sa kahit anong larangan ng kaalaman. Ang ganap na pagiging tumpak ng mga makasaysayang pagsasalarawan ng mga naunang tao at sibilisasyon na nabanggit sa Qur'an ay napakadakila para isulat lamang ng isang tao.

*"At ang Qur'an ay hindi maaaring gawin ng iba maliban lamang kay Allah."*

*Qur'an 10:37*

CONTENTS




# Layunin ng Rebelasyon

## Upang Maniwala sa Nag-iisang Tunay na Diyos

***"At ang inyong diyos ay Ang Nag-iisang Diyos. Walang diyos maliban sa Kanya, Ang Mahabagin, Ang Maawain."*** *- Qur'an 2:163*

Ang pinakamahalagang paksa ng Qur'an ay ang paniniwala sa Nag-iisang Tunay na Diyos. Ipinaalam ng Diyos sa atin na Siya ay walang katambal, walang anak, walang kapares at walang sinuman ang karapat dapat na sambahin maliban sa Kanya. Si Allah ay hindi katulad ng Kanyang nilikha. Itinatanggi din ng Qur'an ang paniniwala at pagbibigay ng katangiang pantao at limitasyon sa Diyos.

## Tanggihan Ang Lahat Ng Mga Huwad na Diyos

***"At sambahin si Allah at huwag magtambal ng anuman sa Kanya."*** *- Qur'an 4:36*

Dahil si Allah lamang ang karapat-dapat na sambahin, kaya kailangan na tanggihan ang mga diyus-diyosan at mga huwad na diyos. Itinatanggi din ng Qur'an ang paniniwala na ang Diyos ay may katangiang tulad ng tao.

## Upang Isalaysay ang mga Nakaraan

Ang Qur'an ay naglalaman ng maraming salaysay na may kapaki-pakinabang na kaalaman katulad ng mga kuwento ng mga naunang Propeta, si Allah ay nagsabi, ***"Katunayan, sa kanilang kuwento, ay mayroong aral."*** *- Qur'an 12:111*

## Upang Ipaalala ang Araw Ng Paghuhukom

Ang Aklat na ito ay nagpapaalala na ang lahat ay makakatikim ng kamatayan at mananagot sa lahat ng kanilang ginawa at sinabi: ***"Aming ilalagay ang Timbangan ng Katarungan sa Araw ng Paghuhukom..."*** *- Qur'an 21:47*

## Tuparin Ang Tunay na Layunin ng Buhay

Ang Qur'an ay nagtuturo na ang layunin ng buhay ay ang sambahin lamang ang Diyos at mabuhay ayon sa pamamaraan na itinagubilin Niya. Sa Islam, ang pagsamba ay ang anumang bagay na kinalulugdan ni Allah. Samakatuwid, kapag isinagawa ang ipinag-utos ni Allah, ang isang Muslim ay sumasamba kay Allah at isinasakatuparan niya ang layunin ng kanyang buhay. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng pagsamba sa loob ng Qur'an:

Ang manalangin: ***"O kayong mga mananampalataya! Magsiyuko***

CONTENTS




*at magpatirapa kayo at sambahin ninyo ang inyong Panginoon."* - Qur'an 22:77

Ang magbigay sa kawang-gawa: *"...At gumastos (sa kawang-gawa), ito ay mainam sa inyo..."* - Qur'an 64:16

Ang maging matapat: *"Huwag ninyong balutin ang Katotohanan ng Kasinungalingan."* - Qur'an 2:42

Ang magkaroon ng hiya: *"Sabihin sa mga naniniwalang mga kalalakihan na ibaba nila ang kanilang mga paningin at ingatan ang kanilang puri o dangal."* - Qur'an 24:30-31

Ang pagiging mapagpasalamat: *"Si Allah ang naglabas sa inyo sa sinapupunan ng inyong ina, na walang nalalaman, binigyan Niya kayo ng pandinig, paningin at puso upang kayo ay magbigay pasasalamat."* - Qur'an 16:78

Ang maging makatarungan: *"O kayong mga naniniwala! Sumaksi kayo para sa katarungan, bilang saksi sa Diyos, kahit pa ito ay laban sa inyo..."* - Qur'an 4:135

Ang maging matiisin: *"At maging matiisin, sa katunayan, hindi hahayaan ni Allah na mawala ang gantimpala ng mga gumagawa ng mabuti."* - Qur'an 11:115

Ang gumawa ng kabutihan: *"Si Allah ay nangako sa mga naniniwala at gumagawa ng kabutihan (na) sila ay makakatanggap ng kapatawaran."* - Qur'an 5:9

## Pangwakas

Ang Qur'an ay nagtuturo sa tao kung paano sumamba sa Diyos, at isakatuparan niya ang tunay na layunin ng buhay at makamtan ang tagumpay dito sa mundo at sa kabila.

*"Ang Aklat (Qur'an) ay ibinaba sa iyo para sa sangkatauhan ng may Katotohanan. Kaya sinuman ang tumanggap ng gabay, ito ay para sa kanyang sarili at sinuman ang maligaw, siya ay talunan."* - Qur'an 39:41

Hindi mo ba bibigyan ang sarili mo ng pagkakataon na basahin ang Aklat na ito?

## CONTENTS


- TUNGKOL SA ISLAM
- SI PROPETA MUHAMMAD
- SI HESUS
- ANG PANANAW NG ISLAM SA DIYOS
- Ang Qur'an
- ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?
- MGA MALING PANG-UUNAWA TUNGKOL SA ISLAM
- ANG MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN SA ISLAM
- Ang Agham sa ISLAM
- ang hijab
- ANG KAMATAYAN AT ANG KABILANG BUHAY SA ISLAM


# ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?

FILIPINO | (06/11) | الغاية من الحياة | FREE COPY

*Saan ako nagmula?*
*Bakit ako narito?*
*Saan ako patungo?*


جمعية دار البر
Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات
THE EMIRATES

Your Path To Peace..

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

تصريح رقم: (2017/139)
دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department

www.islamicic.com


CONTENTS
































# ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?

Isa sa mga unang katanungan na paapsok sa isipan kapag ating pagiisipan ang layunin ng buhay ay, “saan tayo nagmula?”

Tayo ba ay batay lamang sa natural na aksidente o mayroong mataas na katalinuhan na umiiral, isang lumikha? Ang kilalanin ang pagiral ng isang tagapaglikha ay ang unang hakbang upang maunawaan ang tunay na layunin ng buhay. Maraming mga lohikal ay rasyonal na dahilan para maniwala sa isang tagapaglikha. Tatlong dahilan ay maigsing pinaliwanag sa ibaba.

## 1. SIMULA ANG SANSINUKOB

Ang unang katibayan na tumutukoy sa pagiral ng Diyos ay maiuugnay sa pagunawa sa pinagmulan ng sansinukob.

Isipin mo na naglalakad ka sa disyerto at nakakita ka ng relo. Alam natin na ang relo ay binubuo ng salamin, plastik at metal. Ang salamin ay nagmula sa buhangin, ang plastik mula sa langis, at ang metal na nakuha mula sa lupa - ang lahat ng mga sangkap na ito ay matatagpuan sa disyerto. Maniniwala ka ba na ang relo ay binuo ang sarili niya? Na ang Araw ay sumikat, umihip ang hangin, kumidlat, lumabas ang langis sa ibabaw at humalo sa buhangin at metal, at sa paglipas ng milyun-milyong taon ang relo ay nabuo dahil sa isang natural na aksidente?

Ang karanasan ng tao at simpleng lohika ay magsasabi na mga bagay na may simula ay hindi magmumula sa wala, o ang isang bagay ay likhain ang sarili niya. Samakatuwid, ang pinakamakatwirang paliwanag ay may mas mataas na "umiiral" na lumikha ng sansinukob. Ang “umiiral” ay makapangyarihan at matalino na nagawa niyang likhain ang buong sansinukob at umiral ang ginawa ang mga ‘batas ng siyensya’ na siyang nagpapatakbo nito. Maaari rin nating ikatwiran na ang “umiiral” ay walang panahon at espasyo, dahil ang oras o panahon, ang espasyo at bagay ay nagsimula lamang sa panimula pagkakalikha ng sansinukob. Lahat ng katangian na ito ay bumubuo sa pangunahing konsepto ng Diyos, ang lumikha ng sansinukob. Ito ay sumasangayon sa makabagong agham na ang sansinukob ay hangganan at may simula.

> *Maaaring may magtanong, “Sino ang lumikha sa Diyos?” Ang Diyos, ang Tagapaglikha, ay hindi katulad ng kanyang mga nilikha. Ang Diyos ay walang hanggan, palagiang umiiral at walang simula; kaya ang tanong sino ang lumikha sa Diyos ay hindi katanggap-tanggap.*

CONTENTS






# 2. ANG PAGIGING PERPEKTO NG SANSINUKOB

Ang Ikalawang ebidensya na tumutukoy sa pagiral ng matalinong tagapalikha ay ang pagsasaayos at perpektong balance n gating kumplikadong sansinukob

Marami sa mga katangian ng sansinukob ay malinaw na magpapatunay na ito ay dinisenyo upang suportahan ang pagkakaroon ng buhay, tulad ng distansya ng mundo sa araw, ang kapal ng pangibabaw na lupa ng mundo, ang bilis ng pagikot ng mundo, ang porsento ng oxygen sa atmosphere, at kahit ang pagkapaling ng mundo. Kung ang mga sukat nito ay maiba lamang ng kaunti sa kung ano ang mayroon ngayon, ang buhay ay hindi iiral.

Tulad din kung paanong ang isang relo ay mayroong matalinong gumawa upang mapanatili ang pagiging sakto nito sa oras, ang mundo ay kailangan din na mayroong matalinong lumikha na magpapanatili ng pagiging tama ng pagikot nito sa araw. Maaari ban a ito ay nangyayari sa sarili lang niya?

Kung makikita natin ang pagsasaayos, ang eksaktong pamantayan at sistema sa mismong mga sarili natin at sa buong sansinukob, makatwirang isipin na ang mga ito ay nagsasaayos? Ang ‘nagsasaayos’ na ito ay pinakainam na paliwanag na pagiral ng Diyos – Siya na gumawa ng pagsasaayos na ito.

# 3. REBELASYON MULA SA DIYOS

*Kung ang Diyos ay naghayag ng Aklat ng gabay, maaasahan natin na ito ay naglalamang mga patunay sa pagiral ng Diyos.*

Ang ikatlong katibayan na tumutukoy sa pagiral ng Diyos ay ang mismong kapahayagan na ipinadala ng Diyos sa sangkatauhan bilang palatandaan ng Kanyang pagiral. Mayroong malinaw na mga palatandaan na ang Aklat ng Islam, ang Quran, ay salita ng Diyos. Ang nasa baba ay buod na paliwanag ng mga dahilan na susuporta sa pagaangkin na ito. Ang Quran;

- Mahigit 1400 taon na ito ay naglalaman ng mga siyentipikong kaalaman na hindi alam ng mga tao noong panahon na iyon na bago lamang natuklasan ng SIyensya. Halimbawa: ang tubig bilang simula ng lahat ng may buhay (Quran 21:30); ang patuloy na paglawak ng sansinukob (Quran 51:47); ang kanya kanyang ikutan ng araw at buwan (Quran 21:33).
- Naglalaman ng mga katotohanan sa kasaysayan na hindi alam ng mga tao sa panahon na iyon at gayundin ang ilan sa mga hula na napatunayang nagkatotoo.
- Malaya sa anumang pagkakamli at pagsasalungatan sa kabila na ito inihayg ng paunti unti sa loob ng 23 taon at sumsaklaw sa iba’t ibang usapin.


CONTENTS
































- Napangalagaan, bawat salita, mula ng ito ay inihayag sa orihinal na wikang arabik, di tulad ng ibang mga kasulatan na nawala na ang mga orihinal anyo.
- Mayroong simple, puro at pangdaigdigan mensahe na katangap tangap sa kaisipan ng tao at likas na paniniwala tungkol sa Makapangyarihang Diyos.
- Mayroong malalim at nakakapagpabagong epekto sa mga tao.
- Inihayag kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na isang hindi marunong bumasa at sumulat. Magkagayunman, ay nagtataglay ng kakaibang estilo sa panitikan at kilala na rurok ng kagandahan at kayamanan ng panitikang Arabe.

Ang pinakamakatwirang paliwanag sa mga bukod tangi at makahimalanag aspeto ng Quran ay ang pagiging mula nito sa Diyos.

# ANG DIYOS AY NAGPDALA NG GABAY

Kapag tinanggap natin na tayo ay nilikha ng Pinakamtalinong Tagapaglikha, maaasahan natin na sa sasabihin sa atin ang layunin n gating pagiral. Paano natin malalaman kung ano ang inaasahan ng Diyos mula sa atin? Tayo ba mabubuhy lamang na parang pagsubok lang, o tayo ang magdedesisyon sa ating sariling layunin? Tayo ba ay “susunod lang sa agos” sa pagsunod sa iba? Hindi. Ang Diyos ay nagpdala ng mga Propeta at Kapahayagan upang iparating sa atin ating layunin.

Ang Diyos ay nagpadala ng libo libong mga Proepeta, pinakababa ang isa sa bawat nasyon, tangan ang iisang mensahe; ang sambahin na bukod tangi ang Diyos at sundin ang kanyang gabay. Kabilang sila Adam, Noah, Abraham, Moses, Hesus at Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan)

Si Propeta Muhammad (sunaknya nawa ang kapayapaan), ang huli sa mga Propeta, at ganap na halimbawa ng katapatan, katarungan, awa at katapangan ng isang tao. Siya ay ipinadala kasabay ng huling rebelasyon mula sa Diyos, ang Quran, upang ipakita kung paano isasabuhay ang mga katuruan nito

Ang Quran ay aklat ng Gabay at nagpapaliwanag sa maraming konsepto tulad ng layunin ng ating pagkakalikha; sino ang Diyos; ang mga gawain na gusto at ayaw ng Diyos; mga kwento ng mga propeta at mga aral mula dito; ang tungkols sa Paraiso at Impiyerno, at Araw ang PaghuhukomIto ay naglalayong linawin ang mga maling kaisipan tungkol sa katotohahan tungkol sa Diyos, tulad ng paglilinaw sa naging kalagayan ni Hesus kumpara katotohanan ng Diyos.

*Si Hesus, tulad ng ibang mga propeta, ay nagpamalas ng mga himala at nanawagan sa pagsamba sa Nagiisa at Tunay na Diyos (Quran 19:36).*

CONTENTS




# ANG KATOTOTAHAN KAY HESUS

*Sa pagunawa sa konsepto ng Diyos sa Islam, importante na mapagusapan ang kalagayann ni Hesus, dahil sa malawak na pagkalito at maling pagaangkin tungkol sa kanya.*

Ilan sa mga Kristiyano ay nagaangkin na si "Hesus ay Diyos" o bahagi ng Trinidad – na, siya ay Diyos na nagkatawang tao sa lupa at ang Diyos ay nagkaroon ng katawang lupa. Samantala, ayon mismo sa Bibliya, si Hesus ay isinilang, kumain, natulog, nagdasal at may limitasyon sa kanyang kaalaman – mga katangian na lahat ay hindi maiuukol sa Diyos. Ang Diyos ay may mga katangian na perpekto habang ang tao ay kabaligtaran. Kaya paanong ang dalawang bagay na magkaibang magkaiba ay magakaparehas din? Hindi ito tama.

Gayunpaman, maaaring itanong ng ilan, **"*Kung magagawa ng Diyos ang lahat, bakit hindi siya maaaring maging isang tao?*"**

Sa kahulugan, ang Diyos ay hindi gumagawa ng di-makadiyos na mga gawa, kaya kung ang Diyos ay naging tao at nagkaroon ng mga katangian ng tao, mangyayari na Siya ay hindi na isang Diyos.

Bukod dito, ang Bibliya ay naglalaman ng maraming mga talata kung saan si Hesus ay nagsasalita at kumikilos na parang ang Diyos ay isang hiwalay na pagkatao sa kanyang sarili.

Halimbawa, si Hesus ay **"*nagpatirapa at nanalangin*"** [Mateo 26:39]. Kung

Si Hesus ay Diyos, kung gayon ang isang Diyos ba ay magpapatirapa at magdarasal? At, sino ang kanyang dinadasalan?

Ang ilang mga Kristiyano ay nagsasabing **"*si Hesus ay ang Anak ng Diyos.*"** Tanungin natin ang ating sarili, ano kaya talaga ang ibig sabihin nito? Tiyak na malayo na ang Diyos ay nagkakaroon ng isang pisikal at literal na anak.

Sa halip, makikita natin na ang salitang **"*Anak ng Diyos*"** ay simbolikong ginagamit sa mga sinaunang wika ng bibliya para sa isang **"*taong matuwid*"**. Ginagamit ito sa buong Lumang Tipan para sa maraming matuwid na tao tulad nina David, Solomon at Israel - hindi eksklusibo para kay Hesus. **"*... Ang Israel ang aking panganay na anak na lalaki,*"** (Exodo 4:22) ay isa sa mga halimbawa.

*"Hindi nararapat na magkaroon si Allah ng anak; Siya ay perpekto at walang kapintasan! " Quran 19:35*


Ang paniniwala sa Islam tungkol kay Hesus ay magpapaliwanag kung sino talaga ang tunay na Hesus, habang pinapanatili ang purong paniniwala tungkol sa Diyos at ang Kanyang ganap na Kadakilaan, Pagigin Bukod-tangi at Perpekto. Si Hesus ay isang kagalang-galang na Propeta na ipinadala ng Diyos upang manawagan tungo sa sa pagsamba sa Diyos nang natatangi.

CONTENTS
























## KAYA ... BAKIT AKO NARITO?

lahat ay sasangayon na ang mga bahagi ng ating mga katawan, tulad ng ating mga mata, tainga, utak at puso, ay may layunin. Hindi ba't ibig sabihin din nito na ang indibidwal, sa kabuuan, ay may layunin din?

Ang Diyos, ang Pinakamatalino, hindi Niya tayo nilikha upang nang walang layunin o upang maisakatuparan lamang ang ating mga likas na pangangailan at pagnanasa. Sa halip, mayroon tayong mas mataas na layunin - kilalanin at sambahin ang Natatanging Diyos, upang mabuhay tayo sa patnubay ng ating Maylalang. Ang gabay na ito ay magbibigay-daan sa atin upang mabuhay ng matagumpay at mapagpalang buhay sa lahat ng aspeto. Kasama dito ang mga personal na gawain ng kabutihan tulad ng pagdarasal, pati na rin ang mga kapaki-pakinabang na gawain sa lipunan, tulad ng pagiging mabuti sa kapitbahay, pagsuporta sa pamilya, katapatan, at pag-aalaga sa mga hayop.

Pinagbabawalan tayo ng Diyos na sumamba sa iba pa (hal. Mga rebulto, araw, buwan, mga banal na tao, pari o maging mga Propeta). Hindi niya kailangan ang anumang mga katambal o tagapamagitan. Ang tao ay marapat na laging sumamba sa Diyos nang direkta.

Inilarawan ng Diyos ang buhay na ito bilang isang pagsubok, at ang mga tao ay susubukan sa iba't ibang paraan. Hindi natin kontrol kung ano ang mangyayari sa atin, ngunit maaari nating kontrolin kung ano ang ating mga reaksyon. Ang pagtitis sa mga pagsubok, at pasasalamat sa mga pagpapala, ay isang paraan ng pagiging malapit sa Diyos at pagkamit ng walang hanggang Paraiso. Binalaan din tayo sa kakila-kilabot na parusa sa Impiyerno kung pipiliin nating hindi maniwala at ipagwalang-bahala ang Kanyang mga utos.

## KAYA ... ANO ANG GAGAWIN KO NGAYON?

Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang paggamit ng talino upang pagnilayan at matukoy ang mga tanda ng Diyos at mabuhay alinsunod sa Kanyang gabay. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsuko sa mga kautusan ng Diyos, na sa Arabik ay nangangahulugang maging isang **"Muslim".**

Ang Diyos, ang Nagiisa at Natatanging Lumikha - 'Allah' sa Arabik - ay ginawang madali ang Islam sa lahat, anuman ang kanilang kasaysayan, nakaraan o kasalukuyang sitwasyon. Samakatuwid, ang sinuman ay maaaring maging isang Muslim sa pamamagitan lamang ng paniniwala, at pagsasalita ng sumusunod na pagsasaksi sa pananampalataya:

***"Ako ay sumasaksio na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah."***

Hindi ba oras na para upang matupad ang iyong layunin sa buhay, sumuko sa katotohanan at kilalanin ang iyong Lumikha?


HOTLINE
+971 56 204 2045
islamicicdxb
islamicic.com
info@islamicic.com
+971 4 355 5223
DOWNLOAD FILIPINO FLYER
www.iicdxb.com/filipino

## CONTENTS


TUNGKOL SA ISLAM — ISANG MAIKLING PAMBUNGAD
SI PROPETA MUHAMMAD — Kailangan mong makilala ang taong ito!
SI HESUS — ISANG PROPETA NG DIYOS
ANG PANANAW NG ISLAM SA DIYOS — Walang Sinuman ang Dakil pa Kaysa Lumikha
Ang Qur'an — Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan
ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?
MGA MALING PANG-UUNAWA TUNGKOL SA ISLAM
ANG MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN SA ISLAM
Ang Agham sa ISLAM
ang hijab — Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan
ANG KAMATAYAN AT ANG KABILANG BUHAY SA ISLAM


# MGA MALING PANG-UUNAWA TUNGKOL SA ISLAM

FILIPINO (07/11) مفاهيم خاطئة حول الإسلام FREE COPY

Ano ang talagang nalalaman mo tungkol sa Islam?


جمعية دار البر
Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات
THE EMIRATES

Your Path To Peace..

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

تصريح رقم:
(2017/139)

دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department

www.islamicic.com


CONTENTS



































## Pambungad

Ang Islam ay isa sa pinakamalaking relihiyon sa boung mundo ngunit maraming tao ang mayroong maling pang-uunawa tungkol dito, bunga ng iba't ibang kadahilanan – maaaring politikal, pang-ekonomiya, ang pagkiling ng media o pagkatakot sa "naiiiba", maraming kabulaanan at maling bagay na ipinapakalat tungkol sa Islam. Ang susi upang maunawaan ang Islam at ang mga Muslim ay ang pag-iwas sa panlalahat at suriin ang bawat sitwasyon ayon sa katuruan ng Islam sang-ayon sa mga tunay na katibayan.

## *Unang maling pang-uunawa* – "Ang mga Muslim ay walang maganda at marangal na pag-uugali kagaya ng mga hindi Muslim"

Ang ibang tao ay nagsasabi na ang mga Islamikong kaugalian ay hindi akma sa maka-kanlurang kaugalian na disente. Ang haka- haka na ito ay napakalayo sa katotohanan.

*"Ang pinakamainam sa inyo ay siya na may pinakamagandang pag-uugali." – Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan)*

Ang mga Muslim ay nagsasabuhay ng mga mararangal at pandaigdigang pag-uugali tulad nang:

- Pagiging tapat at makatarungan
- May isang salita o pagtupad sa usapan
- Pagpapahintulot sa kalayaan ng pananampalataya
- Paggalang sa magulang, kamag-anak, kapitbahay at mga nakatatanda
- Pagiging matulungin, mapagbigay at pagtulong sa mga mahihirap at nangangailangan
- Pag-aalala sa kapitbahay
- Hindi pagsisinungaling, pandaraya, pang-iinsulto at panlilibak

Ang mga Muslim ay inoobliga na makapagbahagi ng positibo sa lipunan at pagpapanatili ng pinakamataas na moralidad at mabubuting gawa.

## *Pangalawang Maling pang-uunawa* – "Ang mga Muslim ay sumasamba sa bagong Diyos na ang pangalan ay Allah"

*Ang mga Muslim ay sumasamba sa katulad din na Diyos na sinamba nina Propeta Noah, Abraham, Moses at Hesus.*

Ang salitang "Allah" ay ang salitang Arabik para sa Pinakamakapangyarihang Diyos – Nag-iisa at Natatanging Diyos. Ang pangalang Allah ay ang katulad din na salita na ginagamit ng mga Arabong Kristiyano at Hudyo upang tukuyin ang Diyos.

Subalit, kahit na ang mga Muslim, Hudyo at Kristiyano ay naniniwala sa iisang Diyos, ngunit magkakaiba ang kanilang pananaw tungkol sa Kanya.

## CONTENTS






Ang mga Muslim ay hindi naniniwala na ang Diyos ay may katambal o bahagi ng "Trinidad", at inuugnay lamang ang pagiging perpekto sa Diyos, ang Makapangyarihan.

## *Pangatlong Maling Kuro-kuro –* **"Pinapahintulutan ang Terorismo sa Islam"**

Ang Media sa kabuuan ay inilalarawan ang sinumang Muslim na nakikipaglaban na isang terorista, lumalaban man sila ng patas o hindi, sila man ang nang-aapi o inaapi.

Sa digmaan, ang sadyang pagdamay sa mga inosente at hindi nakikipaglaban ay kasuklam-suklam na gawain na ipinagbabawal ng Islam. Sa katunayan, ang mga Muslim ay hindi pinapahintulutan na sirain ang mga halaman o mga hayop. Paano pa kaya ang tao? Ganunpaman, mahalaga na maunawaan ang kaibahan ng terorismo at totoong pagtatanggol sa pananakop, dahil ang dalawang ito ay magkaiba.

Ang Quran ay malinaw na nagbabawal sa pagpatay ng inosenteng tao, binibigyang diin nito ang halaga ng buhay ng tao

"Sinuman ang pumatay ng isang inosenteng tao, ay parang pinatay rin niya ang sangkatauhan. At kung sinuman ang magligtas ng isang buhay, ay parang iniligtas niya ang sangkatauhan."

Quran 5:32

## *Pang-apat na Maling pang-uunawa* **"Ang Islam ay hindi makatarungan sa mga kababaihan"**

Sa Islam, ang lalaki at babae ay na magkapantay sa harapan ng Diyos pagdating sa kanilang pagtanggap ng gantimpala at pananagutan sa kanilang mga gawain. Ang kaibahan ng mga tao sa

paningin ng Diyos ay ang antas ng kanilang pagkatakot sa Diyos.

*Si Allah,ang Tagapaglikha ng dalawang kasarian, ay nagtalaga ng magkaibang mga tungkulin at pananagutan sa bawat isa, na nakabatay sa kanilang mga pagkakaiba.*

"Tunay na ang pinakamarangal sa inyo para kay Allah ay ang may pinakamalaking takot sa Diyos." Quran 49:13

Ito ay pagpapatunay na ang totoong karangalan at antas ay hindi nakakamit dahil sa katayuan sa lipunan, kulay ng balat, at kasarian, ito ay nakakamit dahil sa takot sa Diyos at katapatan sa Kanya.

Ang mga kababaihan ay binigyan ng malaking respeto at karangalan, tulad ng karapatan ng katulad ng bayad, pagpili ng mapapangasawa, magkaroon ng edukasyon, at ang karapatan na makipaghiwalay at magmana.

Sa kasamaang palad, mayroong mga babaeng Muslim na naaapi at hindi naibibigay ang kanilang mga karapatan. Ito ay hindi kasalanan ng Islam. Ang problema ay mayroon sa ilang mga bansa na sinusunod ng mga tao ang kanilang kultura at tradisyon at walang kinalaman sa Islam.

CONTENTS




## *Panglima na maling pang-uunawa* "Ang Quran ay isa rin lang Aklat ng Kasaysayan o Aklat ng mga Tula"

Ang Quran ay ang literal na salita ng Pinakamakapangyarihang Diyos na ipinahayag kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel. Ito ay pamantayan ng Katotohanan, gabay ng sangkatauhan sa kanilang pamumuhay. Binabanggit sa Qur'an ang mga aral mula sa mga naunang tao at kasaysayan ng mga Propeta upang tayo ay matuto mula sa kanilang mga karanasan. Ito ay nagtuturo rin tungkol sa ating mga sarili at tungkol sa ating Tagapaglikha, ang dahilan ng ating pag-iral, ang pagkilala sa Diyos at sambahin lamang Siya.

*Ang pinakamagandang paraan upang matuklasan kung ano ang mensahe ng Quran, ay ikaw mismo ang magbabasa para sa iyo.*

Hindi nilikha ng Diyos ang mga tao na walang patutunguhan. Susubukan siya kung paano niya gagamitin ang kanyang talino, kalayaan na mamili at ang kakayahang mangatwiran upang mapag- isipan at makilala niya ang mga palatandaan ng Diyos – at ang isa sa pinakamalaking tanda ay ang Quran.

Ang Quran ay naglalaman ng mga himala, upang tayo ay hindi magkaroon ng pagdududa sa pagiging tama nito.

## *Pang-anim na Maling pang-uunawa* - "Ang Hijab ay Pang-aapi"

Ang tamang gamit ng hijab ay kinakailangan ng mga babaeng Muslim na takpan ang kanilang katawan upang hindi masilayan ang hubog ng kanilang katawan sa harapan ng mga kalalakihan na puwede siyang pakasalan. Ang hijab ay hindi lamang tungkol sa panlabas na anyo; ito ay tungkol rin sa marangal na pananalita, kahinahunan at mahinhin na pag-uugali.

Sa kabila ng maraming pakinabang na dulot ng hijab, ang malaking dahilan kung bakit ang babaeng Muslim ay nagsasagawa ng hijab ay dahil sa ito ay utos mula kay Allah (Diyos), na SIya ang higit na nakakaalam tungkol sa Kanyang nilikha.

Ang hijab ay nagbibigay ng lakas sa babae sa pagpapatibay ng kanyang kagandahang espiritwal, sa halip ng panlabas na anyo. Nagbibigay ito sa kababaihan ng kalayaan na maging aktibong kasapi ng lipunan habang pinapanatili ang kanyang kahinhinan.

Ang hijab ay hindi naglalarawan ng paniniil o pang-aapi o pananahimik. Bagkus, ito ay pangangalaga mula sa pangungutya, pananamantala at walang katarungang panghahamak. Kaya kapag makakita ka ng babaeng Muslim, tandaan mo na tinatakpan niya ang kanyang pisikal na anyo, hindi ang kanyang isip at talino.

CONTENTS




## *Pangpitong Maling pang-uunawa* – **"Lahat ng Muslim ay Arabo"**

Tinataya na 20% lamang ng mga Muslim sa buong mundo ang Arabo, ibig sabihin na mahigit sa 80% ng mga Muslim ay hindi Arabo. Halimbawa, mas marami ang mga Indiyano at Indonesian na mga Muslim kaysa sa mga Arabo.

Ang Islam ay nagtuturo na ang isang tao ay hindi nakahihigit sa iba dahil sa lahi o kulay, ang panghahamak ng lahi ay mahigpit na tinututulan ng Islam. Ang Islam ay may pangdaigdigang mensahe para sa sangkatauhan, na ang lahat ay maaaring matamo ang kapayapaan at tagumpay sa pamamagitan lamang ng pagkilala at pagsamba sa Nag-iisa at Tunay na Diyos.

## *Pangwalo na Maling pang-uunawa* **"Ang Jihad ay Terorismo"**

Ang kahulugan ng Jihad ay pagsusumikap at pagsasakripisyo para sa relihiyon sa paraan na kaibig-ibig sa Diyos. Nangangahulugan ito ng "pagsusumikap" at ito ay tumutukoy sa pagsusumikap ng isang tao na gumawa ng mabuti, magbigay ng kawang-gawa, o makibahagi sa gawaing pangmilitar. Ang pangkaraniwan na anyo ay ang Jihad na pangmilitar na ipinapahintulot upang mapanatili ang kaayusan ng lipunan, mapigilan ang pagkalat ng pang-aabuso at ipatupad ang katarungan. Ito ay maaari bilang depensa o opensa, depende sa sitwasyon.

## *Pangsiyam na Maling pang-uunawa* **"Ang mga Muslim ay sumasamba kay Muhammad o sa Diyos na Buwan"**

Isa pa sa mga maling pang-uunawa na ang mga Muslim daw ay sumasamba kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Ito ay tunay na walang katotohanan dahil sinabi mismo ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan): "Huwag ninyo akong masyadong purihin tulad ng mga Kristiyano kay Hesus na anak ni Maria. Tunay na ako ay lingkod, kaya't sabihin ninyo na ako ay isang 'Lingkod ng Diyos at Sugo.'"

> *Ang Islam ay nagtuturo sa mga Muslim na igalang ang lahat ng Propeta ng Diyos at Sugo – ngunit ang paggalang at pagmamahal sa kanila ay hindi nangangahulugan na sambahin sila.*

Ang paratang na ang mga Muslim ay sumasamba sa "Diyos na Buwan" ay hindi totoo. Ang pagsamba sa buwan, o sa anumang bagay maliban kay Allah ay mahigpit na pinagbabawal sa Islam:

"Huwag kayong magpatirapa sa araw o sa buwan, sa halip ay magpatirapa, kay Allah na Siyang lumikha sa mga ito kung tunay kayong sumasamba sa Kanya." Quran 41:37

Ang Islam ay kumikilala sa pagiging ganap na perpekto, dakila at pagiging bukod-tangi ng Diyos na walang pag-aalinlangan. Siya ang Pinakamakatarungan at Pinakamaawain. Ang sambahin Siya nang Nag-iisa ay ang pinakamahalagang paniniwala sa Islam, tulad ng nabanggit sa maraming bahagi ng Quran.

CONTENTS






## *Pangsampu na Maling pang-uunawa* **“Ang Islam ay nagpapahintulot sa Sapilitang Pagpapakasal”**

Ang pagpapakasal bunga ng kasunduan ay kultura na ginagawa sa ilang mga bansa sa buong mundo. Bagamat hindi ito ginagawa lamang ng mga Muslim, ang sapilitang pagpapakasal ay naging bagay na iniuugnay sa Islam.

Sa Islam, parehas na ang lalaki at babae ay may karapatan na mamili o tumanggi sa maaaring maging kabiyak niya, ang kasal ay itinuturing na walang saysay at mali kapag ang malinaw na pagsang-ayon ng babae ay hindi niya ibinigay bago ang kasal.

## *Panglabing-isa na Maling pang-uunawa* – **“Ang Islam ay Pinipilit ang mga Tao na Maging Muslim”**

Obligasyon ng isang Muslim na iparating at ibahagi ang magandang mensahe ng Islam sa iba, ngunit ito ay hindi dapat na ipilit. Upang tanggapin ang Islam, ang tao ay dapat na maging tapat at kusang loob na maniwala at sumunod sa Diyos, tulad ng kahulugan nito.

Kaya't walang dapat na mamilit o pilitin na tanggapin ang Islam.

> *Sinabi ng Diyos, “Walang sapilitan sa Relihiyon. Ang katotohanan ay naging malinaw mula sa kamalian.”*
> *Quran 2:256*

Pag-isipan ang mga sumusunod:

- Ang Indonesia ang may pinakamalaking populasyon ng mga Muslim, ngunit walang labanan na naganap nang makarating ang Islam doon.
- Mayroong 14 milyong Arabo na Coptic Christian na naninirahan sa gitna ng Arabiya ng ilang henerasyon na.
- Ang Islam ay ang pinakamabilis na dumami sa mga Relihiyon sa Kanluran sa kasalukuyan.
- Ang labanan ang pang-aabuso at pagsulong ng katarungan ay katanggap-tanggap na dahilan upang magsagawa ng jihad, subalit ang pilitin ang mga tao na tanggapin ang Islam ay hindi kabilang sa mga dahilang ito.
- Ang Espanya ay sa ilalim ng pamumuno ng mga Muslim ng higit sa 800 taon ngunit hindi nila pinilit ang mga tao na maging Muslim.

## *Pangwakas*

Ang pag-aralan ang Islam mula sa mga hindi mapagkatiwalaang pinagkukunan na walang sapat na pagsusuri ay mapanganib at hahantong sa maling pang-uunawa. Huwag hayaan na maligaw sa pagtanggap ng mga maling kaisipan tungkol sa Islam – ang paniniwala ng mahigit sa ika-apat na bahagi ng sangkatauhan Hindi ba na ang gabay sa lahat ng sangkatauhan, ang mensahe ng Islam ay nararapat na pag-isipang mabuti at pagninilay-nilayan?

CONTENTS


TUNGKOL SA ISLAM – ISANG MAIKLING PAMBUNGAD

SI PROPETA MUHAMMAD – Kailangan mong makilala ang taong ito!

SI HESUS – ISANG PROPETA NG DIYOS

ANG PANANAW NG ISLAM SA DIYOS

Ang Qur'an – Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan

ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?

MGA MALING PANG-UUNAWA TUNGKOL SA ISLAM

ANG MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN SA ISLAM

Ang Agham sa ISLAM

ang hijab – Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan

ANG KAMATAYAN AT ANG KABILANG BUHAY SA ISLAM


# ANG MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN SA ISLAM

FILIPINO | (08/11) حقوق المرأة في الإسلام | FREE COPY

*itinatangi*

*iginagalang*

*pinaparangalan*


جمعية دار البر – Dar Al Ber Society – www.daralber.ae

الإمارات – THE EMIRATES

Your Path To Peace..

مركز المعلومات الإسلامي – Islamic Information Center – للتعريف بالإسلام

تصريح رقم: (2017/139)

دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري – Islamic Affairs & Charitable Activities Department


www.islamicic.com

CONTENTS



























# PAMBUNGAD

Ang pag-aakala ng ibang tao na ang babae sa Islam ay inaalipin, inaalipusta at inaapi. Ang mga Muslim ba ay sadyang mapang-api, o ito ay mga maling haka-haka lamang na bunga ng hindi pantay na pagbabalita?

*"At ang mga kababaihan ay mayroong karapatan mula sa mga kalalakihan."*

*Quran 2:228*

Humigit sa (1400) taon na ang nakalipas ay ibinigay ng Islam para sa kababaihan ang kanilang mga karapatan. Noong 1930, si Annie Besant ay nagwika, **"Nitong nakaraang dalawampung taon lamang nang kilalanin ng Kristiyanong Englatera ang karapatan ng babae na magmay-ari, samantalang matagal na itong pinahintulutan ng Islam. Malaking kalapastangan ang sabihin na ang Islam ay nagtuturo na ang babae ay walang kaluluwa."** (The Life and Teachings of Mohammed, 1932)

Ang mga kalalakihan at kababaihan ay nagmula sa iisang tao- si Propeta Adan (sumakanya nawa ang kapayapaan). Itinuturo ng Islam na sila ay pakitunguhan ng makatarungan at **may** kabutihan.

## PANTAY NA GANTIMPALA AT PANTAY NA PANANAGUTAN

Ang lalaki at babaing Muslim ay parehas na sumasamba kay Allah, nagsasagawa ng parehas na gawaing pagsamba, sumusunod sa iisang kasulatan, at humahawak sa iisang paniniwala. Si Allah ay hahatol sa lahat ng tao ng pantay-pantay. Binigyang-diin ni Allah ang tungkol sa tamang pakikitungo at gantimpala para sa mga kalalakihan at kababaihan sa maraming talata ng Qur'an:

*"Ipinangako ni Allah sa mga mananampalatayang lalaki at babae ang Hardin, sa ilalim ay may mga ilog na dumadaloy, na sila ay mananatili doon."*

*Quran 9:72*

*"Hindi Ko hahayaan na mawalan ng saysay ang gawain ng sinuman sa inyo, lalaki man o babae. Kayo ay kabilang sa isa't-isa."*

*Quran 3:195*

Ang talatang nabanggit ay nagpapakita na ang gantimpala ay naaayon sa gawain at hindi ayon sa kasarian. Ang kasarian ay walang kinalaman kung papaano gagantimpalaan at huhukuman ang tao.

CONTENTS






Kung ihahambing ang Islam sa ibang relihiyon, ay makikita natin na ang Islam ay nagbibigay ng katarungan sa dalawang kasarian. Itinatakwil ng Islam ang katuruan na si Eva lamang ang dapat sisihin higit kay Adan tungkol sa pagkain mula sa ipinagbabawal na puno. Pareho silang nagkasala, humingi ng kapatawaran at sila ay pinatawad.

# PANTAY NA KARAPATAN SA KAALAMAN

Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan), ay nagwika, **"Ang paghahanap ng kaalaman ay tungkulin ng bawat Muslim (lalaki man o babae)."**

Noong panahon ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan), ay mayroong mga tanyag na kababaihan na naging Pantas ng Islam. Ang pinakatanyag sa kanila ay si **Aisha**, ang asawa ni Propeta Muhammad, (sumakanya nawa ang kapayapaan), na kung saan halos sangkapat (quarter) na batas ng Islam ay iniulat niya.

May mga kababaihang naging bihasa sa batas ng Islam, sila ay nagkaroon ng mga mag-aaral na kalalakihan na naging pantas na rin ng Islam.

# PANTAY NA KARAPATAN NA PUMILI NG ASAWA

Ang Islam ay nagbibigay sa babae ng karapatan na pumili ng magiging asawa at panatilihin ang kaniyang apelyido (family name) pagkatapos ng kasal. Marami ang naniniwala na pinipilit ng magulang ang kanilang mga anak sa pag-aasawa. Ito ay ayon sa kultura ng ibang Muslim, at walang katibayan sa Islam. Sa halip, ito ay ipinagbabawal.

May isang babae ang nagsumbong sa Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) na siya ay pinilit ng kanyang ama na ipakasal sa kanyang pinsan. Pinatawag ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan), ang ama ng babae at binigyan niya (sumakanya nawa ang kapayapaan), ang babae ng kalayaan na manatili o ipawalang-bisa ang kasal. Ang babae ay sumagot, *"O Sugo ni Allah, tinatanggap ko ang ginawa ng aking ama, ngunit nais ko lamang ipakita sa ibang kababaihan (na hindi sila maaring pilitin sa pag-aasawa)."*

# MAGKAPANTAY NGUNIT MAGKAIBA

Sa kabuuan, ang kalalakihan at kababaihan ay mayroong pantay na karapatan, ngunit ang likas na karapatan at tungkulin na ibinigay sa kanila ay magkaiba. Ang kalalakihan at kababaihan ay mayroong magkaibang karapatan at tungkulin.

CONTENTS




Magkaiba sila ng pangangatawan, panlabas man o panloob, ang mga siyentipiko ay nakakaalam na mayroon pang ibang pagkakaiba sa kanilang dalawa, kagaya ng pang-uunawa ng utak sa mga salita, impormasyon, damdamin, at iba pa.

Ayon sa pag-aaral ang babae ay mas mataas ang kakayahan sa pananalita, pakikiramay at pakikisalamuha, atbp, kaysa mga lalaki. Ang mga lalaki ay mas mataas ang tiwala sa kanilang kakayahan, pangingibabaw, mas malawak ang pang-uunawa sa larangan ng matematika, mapusok, at iba pang mga katangian.

Ang Islam ay nagtuturo na ang mga kalalakihan at kababaihan ay may pagkakapantay ngunit magkakaiba ng papel na ginagampanan, na naaayon sa kani-kanilang kalikasan. Sinabi ni Allah:

*"Ang lalaki ay hindi tulad ng babae."*

*Quran 3:36*

*"Hindi ba Niya talastas kung sino (at ano) ang Kanyang nilikha?"*

*Quran 67:14*

# ANG **PAMILYA**

Nilikha ni Allah ang lalaki at babae na magkaiba ng katangian, kakayahan at tungkulin. Ang mga pagkakaibang ito ay hindi basehan ng pagiging mataas o mababang uri, kundi bilang pagkakakilanlan lamang. Pinapahalagahan ng Islam ang pamilya. Tungkulin ng lalaki na tustusan ang kanyang pamilya, samantala ang babae ay may tungkulin na tumulong para sa pisikal, kaalaman at emosyonal na pangangailangan ng pamilya. Kapag tinupad ng bawat isa ang kaniyang tungkulin ay mabubuo ang matatag na pamilya, pati na rin ang matatag na lipunan.

Sa aspeto ng damdamin o emosyon, ang lalaki o babae ay hindi maaaring mamuhay na mag-isa, kailangan nila ang isa't-isa. Sinabi ni Allah:

*"Sila (mga babae) ay mga Libas (damit) ninyo, at gayundin naman kayo sa kanila."*

*Quran 2:187*

Ang damit ay nagbibigay ng ginhawa, init at proteksiyon, at ganundin para maging maganda tingnan ang tao- sa ganitong paraan binibigyan ng kahulugan ang ugnayang mag-asawa sa Islam.

CONTENTS




# ANG **PAGMAMAHAL** AT **HABAG SA MAG-ASAWA**

Sinabi ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan), **"Ang pinakamainam sa inyo ay siyang mainam makitungo sa kanyang mga asawa."**

Si Aisha (ang asawa ng Propeta), ay tinanong tungkol sa pag-uugali ng Propeta sa loob ng kanyang pamamahay. **"Siya ay kagaya din ninyo sa loob ng bahay, subalit siya ay mahinahon at mapagbigay... tinatahi niya ang kanyang sariling damit at kinukumpuni niya ang kanyang sirang tsinelas."** Sa kabuuan, ay tinutulungan niya ang kanyang mga asawa sa kanilang mga gawain.

*"At mula sa Kanyang mga Ayah (talata, aral, palatandaan) ay nilikha Niya mula sa inyo ang inyong mga asawa, upang kayo ay mamuhay na kasama nila ng may katiwasayan."*

*Quran 30:21*

# **MATAAS** NA **KATAYUAN** NG **INA** AT **ANAK** NA **BABAE**

Malaki ang impluwensiya ng ina sa bata lalo na sa murang edad sa pamamagitan ng kanyang pagsuyo, pag-alaga at pagmamahal. Walang pag-aalinlangan na ang tagumpay ng isang pamayanan ay dahil sa mga ina. Kaya, nararapat lamang sa Islam na itaas ang kanilang katayuan.

Sinabi ni Allah:

*"At Aming itinagubilin sa tao na maging mabuti sa kanyang magulang, ang kanyang ina ang nagdala sa kanya sa matinding hirap at nagsilang sa kanya sa matinding hirap."*

*Quran 46:15*

Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan), ay tinanong ng isang lalaki, *"O Sugo ni Allah, sa lahat ng tao, sino ang may malaking karapatan ng aking mabuting pakikitungo?"* Siya (ang Propeta) ay nagwika, **"ang iyong ina," "ang iyong ina," "ang iyong ina," "ang iyong ama".**

Ang gantimpala ay hindi lamang sa pagiging mabuti sa ina. May gantimpala din para sa pagpapalaki ng mga anak na babae na hindi ibinigay sa pagpapalaki ng mga anak na lalaki.

CONTENTS






Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan), ay nagwika, **"Sino man may dalawang anak na babae, pinalaki niya nang mabuti, sila ay magiging dahilan ng kanyang pagpasok sa Paraiso."**

# PANGWAKAS

Bago dumating ang Islam, ang babae ay kahiya-hiya, ang mga batang babae ay inililibing ng buhay, laganap ang pagbebenta ng panandaliang-aliw, ang pakikipaghiwalay ay nasa kamay lamang ng lalaki, ang mana ay para lamang sa mga malalakas, laganap ang pang-aapi. Hanggang sa ngayon, sa "mga mauunlad na bansa", ang babae ay hindi binibigyan ng sapat na paggalang, at hindi rin binibigyan ng pantay na sahod. Sa Islam ay itinuturing ang babae na mahalaga, hindi inaapi. Ang mga pang-aaping nangyayari sa mga babae sa Gitnang Silangan o sa kamay ng ibang Muslim ay dahil ito sa mga maling kultura, at hindi dahil sa Islam. Kung ang Islam ay mapang-aping relihiyon, bakit maraming kababaihan sa buong mundo ang kusang pumapasok sa Islam?

Tatapusin natin ang paksang ito sa pamamagitan ng mga Salita ng aming Panginoon at inyong Panginoon:

*"Katiyakan, ang mga Muslim na lalaki at mga Muslim na babae, ang mga sumasam¬palatayang lalaki at mga sumasampalatayang babae, ang mga masunuring lalaki at mga masunuring babae (kay Allah), ang mga matatapat na lalaki at mga matatapat na babae, sa kanila ay inihanda ni Allah ang pagpapatawad at malaking gantimpala."*

*Quran 33:35*

# CONTENTS


TUNGKOL SA ISLAM — ISANG MAIKLING PAMBUNGAD

SI PROPETA MUHAMMAD — Kailangan mong makilala ang taong ito!

SI HESUS — ISANG PROPETA NG DIYOS — BILANG MUSLIM AY MAHAL NAMIN SI HESUS

ANG PANANAW NG ISLAM SA DIYOS — Kaysa Lumikha

Ang Qur'an — Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan

ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY? — Saan ako nagmula? Bakit ako narito? Saan ako patungo?


MGA MALING PANG-UUNAWA TUNGKOL SA ISLAM — Ano ang talagang nalalaman mo tungkol sa Islam?

ANG MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN SA ISLAM — itinatangi, iginagalang, pinaparangalan

Ang Agham sa ISLAM

ang hijab — Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan

ANG KAMATAYAN AT ANG KABILANG BUHAY SA ISLAM

# Ang Agham sa ISLAM

FILIPINO | (09/11) | العلوم في الإسلام | FREE COPY

*"Aming ipapakita sa kanila ang Aming mga palatandaan sa kalawakan at sa kanilang mga sarili, upang maging malinaw sa kanila na ito ang Katotohanan."*

*Quran 41:53*


جمعية دار البر — Dar Al Ber Society — www.daralber.ae

الإمارات — THE EMIRATES

*Your Path To Peace..*

مركز المعلومات الإسلامي — Islamic Information Center — للتعريف بالإسلام

www.islamicic.com

تصريح رقم: (2017/139)


دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري — Islamic Affairs & Charitable Activities Department

CONTENTS





























Ang Qur'an ay ang panghuling aklat ng kapahayagan mula sa Diyos para sa sangkatauhan at ganoon din ang pinakahuli sa mga kapahayagan na ibinigay sa mga Propeta.

Ang Qur'an ay hindi ang pangunahing aklat ng agham, subalit ito ay naglalaman ng mga maka-agham na katibayan at kaalaman na kamakailan lamang natuklasan gamit ang mga makabagong teknolohiya. Ang Islam ay naghihikayat sa tao na mag-isip at magsiyasat, dahil sa pamamagitan ng tamang pang-unawa sa ibang nilikha ay lalong makikilala ng tao ang Kapangyarihan at Kaalaman ng kaniyang Tagapaglikha.

Ang Qur'an ay ipinahayag nang ang agham ay hindi pa nakikilala; walang mga teleskopyo, mikroskopyo o anupamang teknolohiya na kagaya sa ngayon. Ang mga tao noon ay naniniwala na ang araw ay umiikot sa daigdig at ang langit/kalawakan ay nakatali sa mga haligi sa bawat sulok ng patag na lupa. Ang Qur'an ay ipinahayag, na mayroong maka-agham na katibayan mula sa astronomiya, biology, geology at zoology.

Mga halimbawa ng napakaraming maka-agham na katibayan sa Qur'an:

## 1 Ang Pinagmulan ng **Buhay**

Ang tubig ay siyang itinuturong pinagmulan ng buhay at nalaman natin na karamihan sa mga selula ay nagmula sa tubig. Ito ay natuklasan lamang pagkatapos na naimbento ang mikroskopo. Sa disyerto ng Arabia, ay hindi kapani-paniwala na may isang taong makapagsabi na ang lahat ng buhay ay nagmula sa tubig.

> "At ginawa Namin ang bawat may buhay mula sa tubig" (Qur'an 21:30)


## 2 Ang **Pagkakabuo** ng Tao

Binanggit ni Allah ang tungkol sa pagkakabuo ng tao:

*"At katotohanang nilikha Namin ang tao (Adan) mula sa lagkit ng putik (tubig at lupa). At pagkatapos ay Aming nilikha (ang anak ni Adan) bilang isang Nutfah(magkahalong semilya ng lalaki at babae) at nilagak sa ligtas na himlayan (sinapupunan ng babae)..." - Quran, 23:12-14*


Ang salitang Arabik na ***"alaqah"*** ay may tatlong kahulugan: isang linta, isang bagay na nakakapit at namuong dugo. Ang ***"Mudghah"*** ay nangangahulugan ng nginuyang bagay. Napuna ng mga siyentipiko sa larangan ng Embryology na ang katawagang ito bilang paglarawan sa pagkakabuo ng bilig (embryo) ay tumpak ayon sa kasalukuyang pag-aaral.


CONTENTS
































Kakaunti lamang ang kaalaman tungkol sa antas at pag-uuri ng bilig ng tao hanggang sa ikadalawampung siglo, kaya nangangahulugan na ang paglalarawan ng bilig ng tao sa Qur'an ay hindi kinuha sa maka-agham na kaalaman noong ika-pitong siglo.

## 3 Ang **Paglawak** ng **Daigdig**

Noong panahon na ang pag-aaral tungkol sa Astronomiya ay hindi pa kilala, ang bersikulo (verse) sa Qur'an ay ipinahayag:

*"At Aming itinayo ang mga Kalangitan ng may katatagan. Katotohanang kaya Namin na palawigin yaon" - Quran 51:47*

Isa sa mga kahulugan ng talata na nabanggit ay; ang Diyos ay pinapalawak Niya ang kalawakan. Ang ibang kahulugan ay ang Diyos ang Nangangalaga, at ang may Kapangyarihan sa sanlibutan- na pawang tama.

Ang katotohanan na ang daigdig ay lumalawak ay natuklasan lamang nitong huling siglo. Si Doctor Stephen Hawking, sa kanyang aklat na pinamagatang *'A Brief History of Time'* ay nagwika, **"Ang pagkakatuklas na ang daigdig ay lumalawak ay isang napakahusay na kaalaman na nangyari sa ika-dalawampung siglo."**

Ang Qur'an ay nagpahiwatig na ang daigdig ay lumalawak kahit bago pa naimbento ang teleskopyo!

## 4 Ang **Bakal** na Ibinaba

Ang bakal ay pumasok sa planetang ito mula sa labas. Natuklasan ng mga siyentipiko na may mga meteorites at may dalang bakal mula sa malayong bituin at sumabog mga ilang bilyong taon na ang nakalipas.

*"At ibinaba Namin ang bakal na matigas at matibay, gayundin naman na may maraming pakinabang sa mga tao."*

*Quran 57:25*

Ginamit ng Diyos ang salitang **'ibinaba"**. Ang katotohanan na ang bakal ay ibinaba sa lupa mula sa kalawakan ay bagay na hindi pa nalalaman ng agham noong ikapitong siglo.

## 5 Ang **Kalangitan** Bilang Pananggalang

Ang kalangitan ay pananggalang ng lupa at sa mga naninirahan dito mula sa sinag ng araw, ganundin mula sa lamig ng kalawakan.

Inuutusan tayo ng Diyos na pagmumuni-munihin ang tungkol sa langit:

*"At ginawa Namin ang kalangitan bilang pananggalang. Subalit sila ay tumatalikod sa Aming mga palatandaan." - Quran 21:32*


CONTENTS




























Itinuturo ng Qur'an na isa mga palatandaan ng Diyos ay ang kalangitan bilang pananggalang, at ito ay natuklasan lamang ng agham nitong ika-dalawampung siglo.

## 6 Ang mga **Bundok**


Tinatawag ng Diyos ang ating pansin tungkol sa mahalagang katangian ng bundok:

*"Hindi ba't ginawa Namin (Diyos) ang lupa na malawak (bilang himlayan), at ang mga bundok bilang tulos?"*

*Quran 78:6-7*

Isinalarawan ng Qur'an ang malalim na ugat ng bundok gamit ang salitang **'tulos'**. Ang Bundok Everest, na may tinatayang 9 na kilometro ang taas at ang ugat nito ay umaabot ng 125 kilometro ang lalim!

Ang tungkol sa bundok na may malalim na tulos na ugat ay hindi nalaman maliban lamang sa pasimula ng ika-dalawampung siglo. Ang bundok ay may papel na ginagampanan sa pagpapanatili ng lupa upang hindi yumanig **"At inilapat Niya sa kalupaan ang mga kabundukan na matatag na nakatayo..."** (Quran 16:15)




## 7 Ang Pag-ikot ng **Araw**

Noong 1512, ang astronomer na si Nicholas Copernicus ay naglatag ng kanyang palagay na ang Araw ay hindi gumagalaw sa gitna ng solar system at ang mga planeta ang siyang umiikot sa araw. Ang paniniwalang ito ay laganap sa mga astronomer hanggang sa ika-dalawampung siglo. Subalit ngayon ay nalaman na ang Araw ay hindi nakatigil kundi ito ay umiikot sa gitna ng Milky Way galaxy.

*"Siya (Allah) ang Siyang lumikha ng gabi at araw, ng Araw at ng Buwan, ang bawat isa ay lumulutang (umiikot) sa kanyang orbito."*

*Quran 21:33*

## 8 Ang mga **Alon** sa **Loob** ng **Karagatan**

Ayon sa pagkakaalam ng marami na ang alon ay nasa itaas lamang ng dagat. Natuklasan ng mga oceanographers (mga taong pinag-aaralan ang tungkol sa karagatan) na mayroong alon sa ilalim ng dagat na hindi nakikita ng mata ng tao, ito ay makikita lamang gamit ang espesyal na kagamitan.


CONTENTS




























*"...Malawak at malalim na karagatan, na natatabunan ng malaking alon na pinaibabawan pa nang higit na malaking alon, na pinaibabawan ng maitim na ulap, kadiliman na patung-patong..." - Quran 24:40*

Ang paglalarawang ito ay nakapagtataka dahil 1400 taon na ang nakalipas ay wala pang espesyal na kagamitan na maaaring tumuklas ng alon sa ilalim ng karagatan.

## 9 Ang Pagsisinungaling at **Pagkilos**

*"Hindi! Kung siya ay hindi titigil ay Amin siyang kakaladkarin sa buhok na nasa itaas ng noo."*
*Quran 96:15-16*

Mayroong isang tao na namuhay noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Si Allah ay nagpahayag ng talata bilang babala:


Hindi ang tao ang nagsisinungaling, ngunit ang nagsisinungaling ay ang kanyang noo. Ayon sa pag-aaral na ang harapang bahagi ng utak (frontal lobe) ay ang nagsisinungaling at kusang kumikilos. Ang tungkuling ito ng ***Nasiyah*** (harapang bahagi ng noo) sa pagsisinungaling ay natuklasan gamit ang kagamitang medikal nitong ika-dalawampung siglo lamang.

## 10 Ang **Dalawang Dagat na Hindi** Naghahalo

*"Hinayaan Niya ang tubig ng dalawang dagat, na magpanagpo (ang mga ito ay magkatabi ngunit hindi naghahalo)."*
*Quran 55:19-20*

Ang tungkol sa karagatan, ay sinabi ng Diyos:

May tinatawag na ***Surface Tension*** na pumipigil sa tubig ng katabing dagat na maghalo, dahil sa magkaiba ang kapal ng bawat tubig. Parang isang manipis na pader sa pagitan nila (tubig). Ito ay natuklasan kamakailan lamang ng mga oceanographers.




Reference: www.islamicpamphlets.com


## CONTENTS




























# Maaari bang si **Muhammad** ang sumulat ng **Qur'an?**

Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), ay kilala na hindi nakapag-aral; at hindi naturuan sa anumang larangan ng kaalaman na maaaring makatulong sa pagkakatugma ng agham sa Qur'an.

Ang iba ay nagsasabi na ito ay hinango ni Muhammad sa mga matatalinong tao o mga siyentipiko noong kapanahunan niya. Kung ito ay kinopya, ay ating makikita ang mga maling palagay noong panahon nang ito ay hinango. Sa halip, ay ating makikita na ang Qur'an ay hindi naglalaman ng anumang pagkakamali.

Ang iba ay magsasabi na ang Qur'an ay binago dahil sa mga makabagong katibayan na natuklasan ng agham. Ito ay hindi tamang palagay dahil ayon sa kasaysayan ang Qur'an ay nanatili sa kanyang orihinal na wika- na isa ring maituturing na himala.

# **Nagkataon** lamang ba?

Ang babasahing ito ay nakatuon lamang sa mga himalang may kinalaman sa agham, subalit mayroon pang maraming himala na nabanggit sa Qur'an: himala ng kasaysayan, mga hulang nagkatotoo; istilo ng pagkakasulat at wika na hindi mapapantayan; maliban pa rito ang naging epekto sa pamumuhay ng tao. Ang mga ito ay hindi maaaring nagkataon lamang. Ito ay malinaw na nagpapahiwatig na ang Qur'an ay nagmula sa Diyos, ang Lumikha ng lahat ng Batas ng Agham. Siya rin ang Nag-iisang Diyos na nagsugo sa lahat ng mga Propeta.

> *"Aming ipapakita sa kanila ang Aming mga palatandaan sa kalawakan at sa kanilang mga sarili, upang maging malinaw sa kanila na ito ang Katotohanan."*
>
> *Quran 41:53*


Ang Qur'an ay aklat ng patnubay na nagtuturo sa atin na hindi tayo nilikha ng Diyos na walang patutunguhan. Ito ay nagtuturo sa atin na mayroon tayong mataas na layunin sa buhay- ang kilalanin ang pagka-Perpekto ng Diyos, ang Kanyang Kadakilaan at Pagka-bukod-tangi, at Siya ay ating susundin.

Nasa tao ang pasiya na gamitin ang kanyang talinong binigay ng Diyos, at kilalanin ang mga palatandaan ng Diyos- ang Qur'an bilang pinakamahalaga. Basahin at tuklasin ang kagandahan at katotohanan ng Qur'an, upang sa ganoon ay makamtan mo ang tagumpay!

HOTLINE
+971 56 204 2045
islamicicdxb
islamicic.com  info@islamicic.com  +971 4 355 5223
DOWNLOAD FILIPINO FLYER
www.iicdxb.com/filipino

CONTENTS





جمعية دار البر
Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات
THE EMIRATES

Your Path To Peace..

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

تصريح رقم:
(2017/139)

دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department

www.islamicic.com

CONTENTS






# Ano ang Hijab?

> *Ang lalaking Muslim ay kailangan din na magsuot ng maluwag at makapal na damit na hindi naaaninag ang hugis ng katawan.*

Ang salitang Hijab ay hango mula sa salitang Arabik na 'Hajaba' na nangangahulugan ng 'pagkubli o pagtakip. Ang Hijab ay pamantayan ng pananamit ng babaeng Muslim. Ito ay upang takpan ang katawan maliban lamang sa mukha at kamay. May mga babae na tinatakpan pati ang kanilang mukha at kamay, ito ay tinatawag na Niqab. Ang Hijab ay hindi kailangan ng isang babae sa harapan ng kapwa kababaihan o sa mga lalaking kamag-anak na hindi niya maaaring maging asawa magpakailanman. Ang Hijab ay hindi lamang sa panlabas na anyo, ito ay tumutukoy din sa marangal na pag-uugali at pagiging mahinhin. Ito ay nararapat din para sa mga kalalakihan.

## Ang Hijab ay **pagsunod**

Maraming kabutihang dulot ang Hijab, isa ito sa mga pangunahing kautusan na nagmula sa Diyos. Ang pagsusuot ng Hijab ay tanda ng pananampalataya at pagsunod sa Diyos, katulad ng nabanggit sa Qur'an:

> *"Sabihin mo, sa mga mananampalatayang babae na takpan nila ng kasuutan ang kanilang katawan." Quran 33:59*

> *Ang Hijab ay hindi nangangahulugan na ang babae ay mas mababa kaysa lalake.*

Ang Diyos, Ang nakakaalam ng lahat kung ano ang makakabuti sa Kanyang mga nilikha. Ang pagsusuot ng Hijab, ay katulad din ng ibang uri ng pagsunod sa Tagapaglikha, ito ay nagiging dahilan upang ang tao ay mapalapit sa kanyang Panginoon at tumutulong sa pagkakaroon ng kasiyahan at lugod sa taong nagsusuot nito.

## Ang Hijab ay Tanda ng **Pagiging Mahinhin**

Ang Islam ay nag-uutos na magkaroon ng magandang-asal upang mapigilan ang imoralidad sa lipunan. Nakakatulong ang Hijab upang makamtan ang layuning ito.

## CONTENTS






*"Sabihin sa mga mananampalatayang lalaki na ibaba nila ang kanilang paningin, at pangalagaan nila ang kanilang maselang bahagi: Ito ay higit na dalisay para sa kanila. At sabihin sa mga mananampalatayang babae na ibaba ang kanilang paningin, at pangalagaan ang kanilang maselang bahagi at huwag iladlad ang kanilang ganda maliban kung ano lamang ang dapat makita..." Quran 24:30-31*

Ang talata na nabanggit, ay nagpapakita na ang unang inutusan na ibaba ang paningin at pangalagaan ang kanilang katawan ay ang lalaki. Kaya ang tungkulin ng pagiging marangal ay hindi lamang para sa babae.

*Kung ipinagbabawal ng Islam ang pagsusuot ng mga imoral na pananamit at pag-uugali sa publiko, sa kabilang banda, ang Islam ay nag-uutos ng pagmamahal at pakikipagtalik ng mag-asawa sa isang pribadong lugar.*

# Ang Hijab ay **Proteksiyon**

Ipinag-utos ang Hijab upang mabawasan ang pagnanasang sekswal at pagkawala ng moralidad hangga't maaari, ito ay para sa lalake at babae. Ang Hijab ay tumutulong para pangalagaan ang lalake, babae at lipunan sa pamamagitan ng pagpapatatag ng pamilya at pamayanan sa ibat-ibang paraan.

- Pananggalang mula sa pananamantala.
- Ito ay pananggalang ng babae mula sa malalaswang paningin.
- Makakatulong upang mabawasan ang pagsasamantala sa mga kababaihan.
- Pananggalang sa pang-aabuso sa kababaihan dahil sa panlabas na anyo.
- Proteksiyon sa tukso at pagnanasa

# Ang Hijab ay **Karangalan**

Ang Hijab ay nananawagan tungkol sa karapatan ng kababaihan at hindi upang supilin ito. Ang Hijab ay nagbibigay sa kababaihan ng karangalan at paggalang ayon sa kanilang katayuan, at hindi upang husgahan ang kanilang panlabas na kaanyuan. Ito ay nagbibigay sa kababaihan ng karapatan na hubugin ang kanilang sarili, kagaya ng pagiging matuwid, makapag-ambag sa lipunan ng kanilang nalalaman, sa halip na sila ay husgahan ayon sa kanilang anyo o kinikitang salapi.


## CONTENTS
































*Sa harapan ng Diyos, ay hindi kailangan ng lalaki at babae na magkaparehas upang maging pantay, kundi sa pamamagitan ng tungkulin na kanilang ginagampanan.*

May isang babaeng Muslim, na nanalo ng Nobel Prize, ay tinanong ng mga mamamahayag kung papaano nagkatugma ang Hijab sa kaniyang talino at pinag - aralan ,at siya ay sumagot:

*"Noong una ang tao ay halos nakahubad, sa patuloy na pag-aaral ay nagsimula siyang magsuot ng damit. Kung anuman ang aking kasuotan ngayon ay nagpapatunay ng pinakamataas na antas ng pag-iisip at sibilisasyon ng tao, hindi ito pag-urong. Ang paghuhubad ang tunay na pagbabalik sa dating kalagayan ng mga sinaunang tao."*

# Ang Hijab ay **Paggalang**

Karamihan sa mga lipunan ay nagtuturo na ang halaga ng babae ay ayon sa kanilang panlabas na anyo. Napipilitan sila na sundin ang huwad at mababang pamantayan ng kagandahan bilang pakikisama at kasiyahan at upang makamit ang inaasam ng lipunan. Sa ganito kababaw na uri ng kapaligiran, na ang panlabas na ganda ay mas binibigyan ng malaking pagpapahalaga, ang panloob na uri ng kagandahan ay hindi binibigyan ng pansin.

Ang Islam, ay nagtuturo na dapat igalang ang babae ayon sa kanyang pagiging matuwid at hindi sa kanyang hitsura at panlabas na anyo. Hindi kailangan ng babae na gamitin ang kanyang katawan at ganda upang mapansin at matanggap ng lipunan, dahil ang Hijab mismo ang nagdadala ng kaniyang tunay na kahalagahan na malayo sa panlabas na anyo katulad nang, pagiging matuwid, marangal at matalino- mga katangian na kayang abutin ng kahit sinoman.

Ang bawat babaeng nakasuot ng Hijab o Burqa ay isang kakaibang nilalang, kaya hindi makatarungan at tama na husgahan ang lahat ng kababaihan dahil lamang sa isang bagay o dahil magkaparehas ang kasuotan.

# Ang Hijab sa **Bibliya**

Ang Hijab ay hindi bagong utos. Ang babaeng Muslim ay sumusunod sa mga matutuwid na babae noong una kagaya ni Maria, na ina ni Jesus na Kristo. Ang ibang mga katibayan sa Bibliya ay nabanggit sa dalawang talata.

*"Ang babaeng nananalangin o nagpapahayag nang walang belo ay nagdudulot ng kahihiyan sa nakakasakop sa kanya."* 1 Corinto 11:3-6.


CONTENTS
































*"Ang mga babae naman ay dapat maging mahinhin, maayos at maingat sa pananamit at ayos ng buhok. Hindi sila dapat magarbo sa pananamit at maluho sa mga mamahaling alahas na ginto o perlas."* 1 Timoteo 2:9-10

# Ang Hijab ay **Pagtitiwala**

> *"Hindi ko ito (Hijab) sinusuot dahil ako ay naaapi, subalit ito ay nagbibigay sa akin ng lakas."*
>
> *Joumana, 23, Melbourne*

Ang Hijab ay nag-uutos sa babae na magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan, pahalagahan at bigyan ng pansin ang tunay na hangarin ng buhay. Ang pagkahumaling sa panlabas na anyo ay maaaring mapanganib sa kalusugan, may mga babae na gumagawa ng pinsala sa kanilang sarili para matanggap ng lipunan. Ang Hijab ay pumipigil sa ganitong uri ng panganib sa kaisipan at kalusugan bunga ng kakulangan ng tiwala sa sarili, sa pamamagitan ng pag-iisip tungkol sa panlabas na anyo.

# Ang Hijab ay **HINDI...**

- HINDI ito nakakapigil para makapag-ambag sa ikakabuti ng lipunan.
- HINDI ito tanda ng pang-aapi.
- HINDI ito kailangan kung ang kaharap ay kapwa babae o kaya lalake na bawal maging asawa magpakailanman.
- HINDI ito nangangahulugan na ang babae ay mas mababa kaysa lalaki.
- HINDI ito pumipigil sa babae na magpahayag ng kanyang saloobin at pananaw.
- HINDI ito pumipigil na magpatuloy ang isang babae na mag-aral o magtrabaho.
- HINDI ito dala-dalang kulungan.
- HINDI ito tanda ng pakikipagsalungatan, pakikipagharap o pagprotesta laban sa mga hindi Muslim.
- HINDI ito isang bagay na bago- ito ay ginagawa na ng mga matutuwid na babae ayon sa kasaysayan.
- HINDI ito sumasalungat sa pag-uugali ng pamayanan- ayon sa kaugalian na ang tao ay hindi dapat husgahan, itakwil o pakitunguhan ng masama, dahil lamang sa kanilang kasuotan o panlabas na anyo.
- HINDI ito sinusuot bilang panakot o maghasik ng kasamaan sa lipunan.

Reference: www.islamicpamphlets.com


CONTENTS
































# Mga Sinasabi ng mga **babaeng Muslim**

"Isinuot ko ito sa edad na 17 na dapat sana ay maaga, kaya nagsisi ako." - ***Faten, 27, Melbourne***

"Hindi ito tungkol sa hindi pa handa, ito ay tungkol sa pagiging mapalad na makapagsuot nito." - ***Madina, 22, Melbourne***

"Ang Hijab ay nagpapakita na ako ay malaya, pinili ko, hindi ito pang-aapi ng mga lalake at media." - ***Nusaybah, 45, Melbourne***

"Nagustuhan ko ang pagsuot ng Hijab dahil ito ay alang-alang kay Allah, at sa tuwing maalala ko ang tungkol sa bagay na ito, ako ay napapangiti." - ***Aisha, 13, Melbourne***

"Ang Hijab ay nakakatulong sa aking layunin na makapagtrabaho at makapag-aral, na hindi nag-aalala sa mga masamang tingin ng mga lalake. Na hindi ako huhusgahan ng mga tao ayon sa aking anyo, kundi ayon sa aking pag-iisip at ugali." - ***Ms. Flavia, 22, USA***

"Tungkulin ko ang aking sarili, hindi ko dapat ipagtanggol kung ano man ang aking suot. Ito ay aking relihiyon, at kung ako man ay magsuot ng Hijab hindi nababawasan ang aking pagkatao."
- ***Ms. Yasmin, 21, Australia***

# Pangwakas

Ang Hijab ay gawaing pagsunod ng babaeng Muslim sa Tagapaglikha. Ito ang nagbibigay sa babae ng lakas at karangalan, at milyon-milyong kababaihan sa buong mundo ang pinili nila na magsuot ng Hijab bilang bahagi ng kanilang pananampalataya. Hindi ito pang-aapi, kundi ito ay kalayaan, kadalisayan, at higit sa lahat, ang pananampalataya. Ang paggalang sa babae ay bahagi ng Islam, at ipinapakita sa pamamagitan ng Hijab.

Ang pagkakapantay-pantay ay mangyayari kung ang babae ay hindi na kinakailangan pa na magpakita ng ganda upang mabigyan ng pagpapahalaga.

HOTLINE
+971 56 204 2045
islamicicdxb
islamicic.com   info@islamicic.com   +971 4 355 5223
DOWNLOAD FILIPINO FLYER
www.iicdxb.com/filipino

# CONTENTS


Tungkol sa Islam – Isang Makilang Pambungad
Si Propeta Muhammad – Kailangan mong makilala ang taong ito!
Si Hesus – Isang Propeta ng Diyos
Ang Pananaw ng Islam sa Diyos
Ang Qur'an – Ang Huling Kapahayagan Para Sa Sangkatauhan
Ano ang Layunin ng Buhay?
Mga Maling Pang-unawa Tungkol sa Islam
Ang mga Karapatan ng Kababaihan sa Islam
Ang Agham sa Islam
Ang Hijab – Pagiging Banal, Mahinhin at Karangalan
Ang Kamatayan at ang Kabilang Buhay sa Islam


# ANG KAMATAYAN AT ANG KABILANG BUHAY SA ISLAM

FILIPINO (11/11) الموت والأخرة في الإسلام FREE COPY

*"Bawat kaluluwa ay mamamatay."*
*Quran 29:57*


جمعية دار البر
Dar Al Ber Society
www.daralber.ae

الإمارات
THE EMIRATES

Your Path To Peace..

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

تصريح رقم: (2017/139)
دائرة الشؤون الإسلامية والعمل الخيري
Islamic Affairs & Charitable Activities Department

www.islamicic.com


CONTENTS































# Ang **Kamatayan** ay Malapit

Ang kamatayan ay isang katotohanan na walang makakaligtas. Ito ay papalapit sa bawat araw; oras; minuto. Ayon sa "CIA's The World Factbook 2007", halos dalawang tao ang namamatay kada isang segundo. Ito ay nakakagulat na 57.9 milyon katao kada taon! Bawat tao ay aabutan nito, anuman ang kanyang edad, kalusugan, katayuan sa buhay o kabutihan.

*"Saan man kayo naroroon, ay aabutan kayo ng kamatayan kahit na kayo pa ay nasa kuta na ginawang matibay at mataas."*

*Quran 4:78*

Nasaan na ang hari noong unang panahon, ang mga bilyonaryo at mga makapangyarihan? Nasaan na ang mga dating maganda, sikat, mga piling tao na matatalino?

# Ang **Katotohanan** ng **Kamatayan**

Ang kamatayan ay hindi isang sakuna, ito ay pagdaan dito sa mundo papunta sa kabilang buhay. Ito ay nagdudulot sa atin upang unawain ang dahilan ng ating buhay, at kamatayan.

Si Allah ay nagpahayag sa atin na nilikha Niya tayo upang Siya ay sambahin lamang ng bukod tangi at ginawa Niya itong buhay bilang pagsubok upang makita kung sino ang tutupad sa layunin na ito:

*"At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at tao liban na Ako ay kanilang sambahin."*

*Quran 51:56*

Ang Diyos ay nagpahayag din sa atin ng layunin ng kamatayan at buhay:

*"Si Allah ang Siyang lumikha ng kamatayan at buhay upang subukan kayo kung sino sa inyo ang may pinaka-mainam na gawain."*

*Quran 67:2*

Hindi pinaghahandaan ang kamatayan sa pamamagitan ng pagbabayad sa serbisyo pag namatay siya o pagpili ng kabaong niya. Ito ay ang pagtupad sa layunin ng buhay, ang sambahin lamang si Allah, ang mabuhay ayon sa Kanyang mga pinag-uutos. Ang pagsamba sa Islam ay hindi lamang nakatuon sa pagdarasal. Sa katunayan, ang bawat gawain na kalugud-lugod kay Allah ay maituturing na gawaing pagsamba at ang tao ay gagantimpalaan ukol dito.

## CONTENTS






# Ang **Sandali** ng **Kamatayan**

> *"Hayaan ang bawat tao ay isaalang-alang ang kanilang dadalhin sa kinabukasan."*
> *Quran 59:18*

Nakikita natin ang kamatayan araw-araw. Ang mapayapang kamatayan ay hindi yaong walang naranasan na sakit o karahasan. Hindi ito ang tunay na pangyayari. Kapag ang tao ay namatay, nililisan ng kaluluwa ang katawan at kung kaya ang pisikal na kalagayan ng katawan ay hindi nagpapakita kung ano ang kalagayan ng kaluluwa. Ang kapayapaan o kawalan ng kapanatagan ng kaluluwa ay nagiging resulta lang kung paano tinupad ng isang tao ang layunin niya sa buhay.

Halimbawa, may dalawang tao na mayroong tiket papunta sa isang destinasyon na kailan man ay hindi pa nila napuntahan. Ang unang tao ay pinaghandaan ang araw ng kanyang biyahe, pinag-aralan ang wika, kultura at mga kagawian sa kanyang pupuntahan. Siya ay may sapat na pera at bakuna kaya ng dumating ang oras ng paglalakbay, siya ay hindi mabibigla, ligtas at kuntento, sapagkat siya ay naghanda.

Sa kabaligtaran, ang ikalawang tao ay hindi pinaghandaan ang oras ng kanyang pag-alis. Siya ay darating sa lugar na iyon na takot at nalilito. Ang hindi niya paghahanda ay naging dahilan upang humantong siya sa isang nakakatakot na kapalaran, dahil ang lahat ng mga bagay na kanyang dinala ay wala palang halaga.

Inilalarawan ang ganitong tao na mapagpabaya, ayon sa sinabi ni Allah sa Quran:

> ***"Kapag dumating ang kamatayan sa isa sa kanila, sasabihin niya, 'aking Panginoon, ibalik Ninyo ako! upang gawin ang mga kabutihan na aking pinabayaan."***
> *Quran 23:99-100*

Isaalang-alang din ang sagot ng mga taong napunta sa Impiyerno, nang tinanong sila kung bakit napunta sila doon:

> ***"Kanilang sasabihin, 'Hindi kami nagsisipagdasal, hindi nagpapakain ng mahirap. Kami ay kabilang sa mga taong gumagawa ng walang kabuluhang usapin, kami ay hindi naniniwala sa Araw ng Paghatol, hanggang dumating sa amin ang kamatayan na isang katiyakan.' "***
> *Quran 74:43-47*

Lahat tayo ay mamamatay, at maglalakbay sa isang hindi pamilyar na lugar. Tanungin ninyo ang inyong sarili, handa na ba kayo para dito?

## CONTENTS




# Ang **Layunin** ng **Buhay**

Ang buhay ay isang pagsubok na nagtatapos sa kamatayan, subalit hindi ang pag-iral nito. Kapag ang tao ay namatay ay hindi na siya makakagawa ng anuman. Ang kahihinatnan ng tao ay malalaman na lamang kung ano ang ating pinaniwalaan at nagawa sa kasalukuyang buhay. Ang buhay ay dalawang parte; ang maikling buhay sa mundo at ang buhay sa kabila. Ang taong nag-iisip ay magsasabi na mas nakakahigit ang kabilang buhay kaysa dito sa mundo.

*"Inaakala ba ninyo na nilikha Namin kayo na parang laro (na walang layunin), at kayo ay hindi magbabalik sa Amin (Diyos)?"*

*Quran 23:115*

Nilikha ni Allah ang tao at siya ay mananagot sa kaniyang ginawa, sapagkat siya ay binigyan ng kalayaang pumili, at talino upang malaman ang tama sa mali. Kung walang kabilang buhay para gantimpalaan ang mga matuwid at parusahan ang mga masama, ito ay hindi maging makatarungan.

Kaya kailangan na may Araw ng Paghuhukom upang ang bawat isa ay hahatulan ayon sa kanilang ginawa.

***"Ituturing ba Namin na magkatulad ang mga matuwid at makasalanan? Ano ang nangyayari sa inyo? Paano kayo humahatol?"***
*Quran 68:35-36*

# Ang **Araw** ng **Paghuhukom**

Ang gawain ng bawat tao sa buhay na ito ay nakatala at pinangangalagaan, sinabi ni Allah:

***"At ang Aklat ay bubuksan at makikita ninyo ang mga makasalanan na nasa pagkagimbal dahil sa kung ano ang nakatala dito. Kanilang sasabihin, "Ah! Kasawian sa amin! Ano itong aklat na ito na walang pinalampas maging maliit man o malaki, subalit kasama sa pagtutuos! Kanilang matatagpuan ang lahat ng kanilang ginawa na nakalatag sa harapan nila."*** *- Quran 18:49*

*"Ang kamatayan na inyong tinatakasan, ay katiyakang aabutan kayo. Pagkatapos kayo ay babalik sa Kanya, na Siyang Nakakaalam ng Lihim at Hayag at Kanyang ipapaalam sa inyo kung ano ang inyong mga ginawa."*

*Quran 62:8*

CONTENTS






Tayo ay magtataka nang labis sa talaang ito ng ating gawa, ipapaalala sa atin ang bagay na ating nakalimutan. Si Allah ay nagsabi,

*"Si Allah ay binibilang ang mga ito, habang nakalimutan naman nila."*

Quran 58:6

Kung pag-iisipang mabuti, nararapat na tayo ay mahiya sa paggawa ng kasalanan habang nalalaman natin na ito ay ilalantad sa Araw ng Paghuhukom sa harap ni Allah.

Sa mga yaong may pag-aalinlangan patungkol sa kakayahan ni Allah na bumuhay at hatulan sila, Si Allah ay nagsabi:

*"Sino ang magbibigay buhay sa mga buto kung ito ay nabulok na at naging alabok? Sabihin (O Muhammad), 'Si Allah na Siya ding lumikha sa kanila sa umpisa! At Siya ay Higit na Nakakaalam sa lahat ng Kanyang nilikha!'"*

Quran 36:78-79

# Ang **Paraiso** at **Impiyerno**

Yaong mga naniniwala kay Allah bilang Diyos na karapat dapat lamang sambahin, at gumagawa ng kabutihan ay gagantimpalaan ng Paraiso.

Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nag-ulat na si Allah ay nagsabi:

*"Ako ay naghanda para sa aking mabuting alipin ng isang marilag na bagay na wala pang mata na nakakakita, wala pang tainga na nakarinig, o kaya maisip ng puso ng tao"*

*"Katiyakan, ang mga maninirahan sa Paraiso, sa Araw na yaon, ay abala sa mga masasayang bagay. Sila at ang kanilang mga asawa ay nasa kaaya-ayang lilim, nakasandal sa mga trono."*

Quran 36:55-57

Ito ay kabaligtaran sa mga tao na tumatanggi sa kaisahan ni Allah, na nagsabi sa atin:

*"Ito ang pangakong Impiyerno sa inyo! Masunog kayo diyan sa araw na ito, dahil sa bagay na hindi ninyo pinaniniwalaan."*

Quran 36:63-64


## CONTENTS

































Sa mga hindi naniniwala ay ang kaparusahan:

*"Ang Impiyerno ay naghihintay sa mga mapagmalabis, isang lugar ng pagbabalik, sila ay mananatili ng napakatagal na panahon. Hindi sila makalalasap dito ng lamig o inumin maliban sa nakalulusaw na tubig at duming lumalabas sa mga sugat – isang nararapat na kabayaran! Katiyakan, hindi nila inaakala ang pagtutuos, at tinanggihan ang Aming mga palatandaan ng may matinding pagtanggi. Subalit ang lahat ng bagay ay itinala Namin sa isang Aklat. 'Kaya tikman ang parusa, at hindi Namin dadagdagan kayo liban na lamang ang inyong parusa.'"*

*Quran 78:21-30*

# Pangwakas

*"O sangkatauhan! Ano ang nagpaligaw sa inyo patungkol sa inyong Panginoon, Ang Higit na Mapagbigay? Siyang lumikha sa inyo, humugis sa inyo ng ganap, at nagbigay sa inyo ng tamang sukat. Siya ang naglagay sa inyo ng anumang hugis na Kanyang naisin. Hindi! Subalit itinanggi ninyo ang Kabayaran."*

*Quran 82:6-9*

Ang kamatayan ay hindi maiiwasan. Ang ating layunin sa buhay ay sambahin si Allah, gumawa ng kabutihan. Ang ating kapalaran ay ayon sa kung ano ang ating kasalukuyang gawain, upang sa ganoon ay magamit natin ang ating pagkakataon sa mundong ito upang matiyak ang lugar natin sa Paraiso, o sisihin ang ating mga sarili sa walang hanggang kaparusahan sa Impiyerno.

*"Katiyakan, ang mga mabubuti ay mapupunta sa kasiyahan, at katiyakan, ang mga masasama ay mapupunta sa Impiyerno."*

*Quran 82:13-14*

HOTLINE
+971 56 204 2045
islamicicdxb
DOWNLOAD FILIPINO FLYER
www.iicdxb.com/filipino
islamicic.com info@islamicic.com +971 4 355 5223

مركز المعلومات الإسلامي
Islamic Information Center
للتعريف بالإسلام

Part of the



# ISLAMIC e-LIBRARY

Learn more about Islam with our informative and educational materials, translated to over 50+ languages

Quran | Flyers | Books

iicdxb.com/flyers

@islamicicdxb